


IBALING ANG PANINGIN

PATUNGO KAY JESUS

 Amen. Salamat sa inyo, George, Becky, at Kapatid na babaing Ungren, dahil sa mainam na awitin na 'yan! Tooto po 'yan, "Ang lahat ay binago nang si Jesus ay pumarito." Kanya mismong tinakpan ang kadiliman, at kinalat ang Liwanag, at lubos-lubos ang pasasalamat natin para diyen. Ngayon, 'yan po ang pinaka unang beses na tumugtog si Becky dito sa simbahan, at napaka angkop na awitin mismo, *When Jesus Came*.

² Hayan nga na lubos-lubos ang pasasalamat natin na makaparito muli, ngayong gabi, at nagpapasalamat ako para sa...inyong mainam na pagdalo kaninang umaga. At kaya ngayong gabi, ay, may munting paksa ako na nais kong ipangusap, sa kaunting sandali; pero bago 'yan, mayroon lang akong kaunting pabatid na sasabihin, at mga bagay-bagay.

³ At medyo paos po ako. Sa palagay ko'y dahil sa sobrang pagsasalita. Napahaba ang pangangaral ko. Pero kapag nirekord ko po itong, isang oras o dalawa, na mga teyp, at kapag bumabalik ako rito, ang dahilan po nun ay dahil tineteyp ko 'yun para sa buong mundo. At kaya nagpapasalamat ako sa inyo dahil sa husto n'yong pagtitiyaga kaninang umaga.

⁴ At ngayon mayroon lang kaunting bagay na nais kong banggitin dito. Yun po'y, ang, nais kong—nais kong tanungin ang iglesya, nang unang bagay, tungkol sa bagay na aking—aking ginawa, at nais kong—nais kong hilingin kung maaari ko bang baguhin 'yun, ngayong gabi. Hindi po tayo...

⁵ Hindi ako gumagawa ng pambagong taon na panata. Hayan po na ako'y...kailangan namin kasing makauwi bukas, kaya wala kami rito para sa bagong taon, para...pero aalalahanin namin kayo. At sa palagay ko'y may pagtitipon dito, nang gabi ng bagong taon. Siyanga, tama, isang—isang pagsalubong na gawain, gaya ng lagi nilang dinadaos tuwing gabi ng bagong taon. Nais sana naming manatili, pero di kasi kami makakabalik sa oras kung ganoon para—para mapapasok ang mga bata sa eskuwela. At kinakailangan pa ng maybahay ko na maglaba ng kanilang damit; alam n'yo naman po kung paano 'yun.

⁶ Mangyari po na nais kong pasalamatan ang bawat isa sa inyo para sa inyong mainam na mga bagay na inyong ginawa para sa amin noong Pasko. At sa inyo na mga kababaihan na nagtungo roon at naghain ng pagkain sa bahay, at mga bagay-bagay, para sa amin, na noong makarating kami roon, mayroong...luto na ang mga pagkain at puwede nang kainin agad. Tunay po na

pinasasalamatan ko kayo para diyan. Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos.

⁷ At ang iglesia, dahil sa munting tiket nila, kaya nagagawa kong makapunta rito at—at makakuha ng ilang damit kung nais ko, na masusuto na amerikana. Nireregaluhan nila ako ng amerikana taon-taon. At may ilang mabubuti akong kaibigan na binibilhan ako ng amerikana. Kaya sa palagay ko, kung ayos lang, kailangan ko rin ng ilang mga bagay gaya ng kamiseta at mga pang-ilalim na kamiseta, at mga bagay-bagay, haya't nais kong bayaran kung ayos lang sa iglesia. Mas kailangan ko 'yun kaysa sa kailangan ko ng . . . mas kailangan ko kaysa sa amerikana, sa oras na ito.

⁸ At ngayon, itong kabataang lalaki na kaaawit lang para sa atin, si Kapatid na George Smith, na nagmula pa sa Tucson, kami po'y nagtutungo sa kanilang simbahan sa dako roon, sa New Testament Baptist Church. Ang kanyang tatay ay isang misyunero. Sa palagay ko may nasa pitong simbahan sila sa Old Mexico. At tunay nga na may maiinam na mga kapatiran sila roon. At ang kanyang tatay at nanay, at lahat sila, na maiinam na mga dumadalo. At si George po'y napaka inam na kabataang lalaki. Sayang lang at hindi siya nakapagbigay ng maikling patotoo bago siya naupo, tungkol sa nagliligtas na biyaya ni Cristo sa kanyang buhay.

⁹ At ngayon, ang mga—ang mga Mensahe, ipinangako ko rito hindi pa katagalan, na ang mga Mensahe, bago ako magtungo sa mga pagtitipon, na magpupunta ako rito at iteteyp ko muna ang mga ito at pagkatapos hahayo na. Yan po'y para maipadala ang mga teyp sa mga tao. Haya't magtungo ako rito at magteteyp ng isang Mensahe, at pagkatapos hahayo at ipapangaral ko Ito. Pagkakataon 'yan ng mga kapatid, ng mga—ng mga nagrerekord ng teyp, na gawin ang teyp at baunin 'yun sa paghayo namin. Ngayon ako po'y naghahanda na humayo sa malaking sunud-sunod na pagi-ebanghelyong paglilibot, kaya hindi ko—hindi ko pa 'yan magagawa sa ngayon, kita n'yo, at ang gumagawa po ng mga teyp ay irekord ang mga 'yun sa paglilibot na namin.

¹⁰ At sa palagay ko, kung tutuusin, hindi ba't magdadaos sila ng pagtitipon sa teyp sa sanlinggong ito? O, para pong ganoon o ano, na may kinalaman sa mga teyp sa sanlinggong ito. Mangyari nga, sa palagay ko'y nandito si Kapatid na Sothmann, at nirerepresenta niya si Kapatid na Maguire. Hindi ko lang alam kung nandito ba siya o wala. Sa palagay ko nandito si Kapatid na Fred. May nakapagsabi na nandito siya. At siya . . . Sa palagay ko magdadaos sila ng pagtitipon sa sanlinggong ito, marahil bukas ng gabi, o kung kailan ba, tungkol sa mga teyp. Pinag-uusapan namin 'yun noong isang gabi, sa silid doon. Sa palagay ko'y napapanahon na para sa bagay na 'yun, na asikasuhin nila't gumawa ng paghahanda ukol dito.

¹¹ Kaya, mula ngayon, ako'y mangungusap marahil tungkol lamang sa mga Mensahe na hindi ko pa natatalakay rito sa tabernakulo, doon sa mga pagtitipon.

¹² At ngayon akin mismo't, nais kong pasalamatang ang Diyos para sa patotoo ni Kapatid na Blair. Mangyari nga na si Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Blair ay nakaupo rito ngayong gabi, nakaupo rito sa harapan natin, ito pong isa na may munting batang lalaki. At naalala ko noong sabihin sa akin ng Panginoon, noong siya'y . . . si Kapatid na Blair, ay talagang umiiyak nang husto, humahagulgol. At ang munti niyang anak na lalaking ito'y nilamukos ang mukha nang *paganito*, nung tumaob na kotse, at ang kalagayan niya'y masama talaga. Pero habang ako'y—ako'y nananalangin, nakinita ko ang munting bata na 'yun na maayos ang kalagayan. At si Kapatid na Blair, siyempre pa, tinanong niya ako, sabi, “Kapatid na Branham, 'yan ba'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON?”

Sabi ko, “Kapatid na Blair, Blair, ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

¹³ At narito po si Kapatid na Blair ngayong gabi. At tunay tayong nagpapasalamat na makasama natin si Kapatid na Blair. At siya po'y matagal-tagal nang pinahihirapan ng—ng munting problema tungkol sa pagkanerbiyos. At mistula pa ngang binubuyo siya nang husto ni Satanas, dito hindi pa katagalan, sinusubukan na ibunsod siya na huwag akong paniwalaan. At habang ginagawa 'yun ni Satanas, dumating ang Panginoon at inihayag 'yun sa kanya; at sinabihan siya tungkol dito, para putulin 'yun bago dumating ang oras na 'yun para rito. At si Kapatid na Blair ay isang mabait na tao. At nais kong alalahanin n'yo siya. Medyo nag-aalangan siya sa pagitan ng mga opinyon kung ano bang gagawin. Hindi lang niya malaman kung papaano ba babaling. At may tiwala ako, Kapatid na Blair, na ang Diyos . . . Isa kang masigasig na lingkod ni Cristo, at marami Siyang inilaan para sa iyo na gawin, dahil ang mga Liwanag ay lumalamlam na. Nandito ka ba kaninang umaga? Uh-huh. Buweno, napakainam.

¹⁴ Ngayon—ngayon, sa palagay ko, sa susunod na makikita ko kayo, marahil sa Tagsibol na't, malapit na. At sa panahon na 'yan, marahil alam na natin kung magdadaos ba tayo ng—ng mga pagtitipon, o hindi, dito sa Jeffersonville, na sa panahon na 'yan ay nasa Norway ako at sa mga bansa sa Scandinavia. Ngayon bago lamang tayo tumalakay ng teksto . . .

¹⁵ Dahil, mayroon po tayong pila para sa pananalangin mayamaya, at marami ang nakatayo, sa mga silid, at sa mga dingding, at kung saan pa, at alam ko, na kayo, mahirap nga sa inyo. At ako man ay tumayo na rin, maraming beses, na. At noong dumaan ako, kanina, hinatid ko ang maybahay ko, napansin ko ang mga tao na nasa may pintuan na. At sa isip-isip ko, “Sino ang

makapagsasabi na ang Ebanghelyo'y hindi ang pinaka kaakit-akit na bagay na mayroon sa mundo?" Tunay nga. Ito'y, inaakit Nito ang mga tao na interesado Rito. Yung mga hindi interesado, natural, hindi sila maaakit. Sila, Ito nga'y hindi. Pero, si Jesus, "Kung Ako," sabi, "kung Ako'y mataas mula sa lupa, ang lahat ng mga tao'y palalapitin Ko sa Akin." Ganoon nga mismong katotoo ito!

¹⁶ At sa pagsapit ko rito, napakaraming bagay na masasaysay, at kinakailangan kong ilista ang mga bagay na sasaysayin ko rito, nang kaunti. O ako'y. . . Dahil sa napakarami ngang bagay na masasaysay, makakalimutan mo kung ano ang sasabihin mo.

¹⁷ Ngayon, sa pagkakaunawa ko ang tatay ni Kapatid na Ungren ay nabautismuhan kaninang umaga, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At kung si Kapatid na Ungren at sila'y narito, nasisigurado ko na dakilang bagay ito para sa kanila, dahil 'yan ang walang-patid mismong pananalangin nila nang maraming taon. At Kapatid na Ungren, nasaan ka man, nawa'y pagpalain ka nang masagana ng Diyos, kapatid ko.

¹⁸ At kung di 'yan tama, pananagutin ako ng Diyos dahil diyan sa Araw ng Paghatol. Kita n'yo? Alam ko na tama ito. Ako—ako ang masisisi dahil dun. Ganoon nga mismo, dahil 'yan ang Katotohanan.

Sasabihin n'yo, "Mayroon bang magiging kaibahan?"

¹⁹ Mayroon nga noon kay Pablo. Nagtanong sila kung papaano sila nabautismuhan. Sinabi ng mga tao na nabautismuhan na sila sa pamamagitan ni Juan, ang lalaki na nagbautismo kay Jesus. Sabi ni Pablo kinailangan nilang lumapit at mabautismuhan uli, muli, sa Pangalan ni "Jesus Cristo." At wala ni isang tao sa Biblia ang nabautismuhan sa Pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo."

²⁰ Walang tao ang nabautismuhan sa ganoong paraan hanggang sa maorganisa ang iglesyang Katoliko sa Lao-. . . Lao-Nicea, Konseho ng Lao-Nicea sa Lao-Nicea, Roma. Doon nabautismuhan ang unang tao, na gamit na ang mga titulo.

²¹ May isang lalaki na nagsabi sa akin nung isang araw. Sabi ko, "Buweno, kung. . . Ang 'Panginoong Jesus,' 'yan ang Pangalan Niya." Sabi niya. . . "Buweno," sabi ko, "kung may lalaki na lalapit sa inyo. . ."

Sabi niya, "Sa palagay ko wala namang kinaibahan."

²² Nahuli ko nga siya sa sarili niyang doktrina. Sabi ko, "Kung may taong lalapit sa iyo at magsasabi, 'Ako'y nabautismuhan sa Pangalan ng Rosa ng Saron, Lila ng Libis, at Tala sa Umaga,' makakapagsabi ka ba ng 'amen' sa bagay na 'yan?"

Sabi niya, "Aba'y, hindi."

Sabi ko, "Papaano mo. . . Babautismuha mo ba siyang muli?"

Sabi, “Oo, naman.”

Sabi ko, “Papaano mo siya babautismuhan?”

Sabi niya, “Babautismuhan ko siya sa Pangalan ng ‘Ama, Anak, Espiritu Santo.’”

²³ Tapos sabi ko, “Sa ganoong paraan ko siya babautismuhan, oo, sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo.” Sabi ko, “Ngayon, ang ‘Rosa ng Saron, Lila ng Libis, at Tala sa Umaga’ ay hindi pangalan.”

Sabi niya, “Tama. Titulo ‘yan.”

²⁴ Sabi ko, “Ganoon din ang ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo.’ Ngayon babautismuhan ko siya sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo; at ang Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo ay ‘ang Panginoong Jesus Cristo.’ Mismong-mismo. Kaya sabi ko. . .” At nakita niya ‘yun, sa maniwala kayo, o hindi.

²⁵ Si Kapatid na Joseph Mattson-Boze ‘yun, ng Chicago, ang pinaka matigas na lalaking kinailangan kong kumbinsihin, nito. At sa palagay ko may nasa tatlo o apat na libong katutubo ang babautismuhan ko ngayon, sa pagpunta ko sa Aprika kasama siya, at mabautismuhan muli.

²⁶ Ngayon, kaya tayo’y lubos-lubos ang pasasalamat para sa Liwanag ng Ebanghelyo. At kaya ngayon, sabi ni Jesus, noong narito Siya sa lupa, “Ako, ang marinig Ko, ‘yun ang Aking sasalitain.” At ngayon sasabihin ko. . .sa susunod natin, na mga sampung minuto, o labing-lima, bago ko talakayin ang aking teksto, at maikling teksto lang po ito, at pagkatapos ay magpapapila tayo para sa pananalangin. Ako po’y sumapit sa isang dako sa aking pagmiministeryo, kung saan ako. . . Mayroon po akong bagay na—na sasabihin. At ako. . .

²⁷ Sinabi ‘yun ni Jesus. Na ang bagay na marinig Niya, ‘yun ang bagay na sinaysay Niya. Tapos sabi Niya, “Tinawag Ko kayo na Aking mga kaibigan, at sinasabi ng isang kaibigan sa kanyang mga kaibigan ang lahat ng mga bagay.”

²⁸ Sabi ni Pablo, sa Mga Gawa 20:27, “Hindi ko ikinait ang pagsaysay sa inyo ang buong Kapasyahan ng Diyos.” Kita n’yo?

²⁹ At ako’y makikiayon, ngayong gabi, at sasabihin ang siya ring bagay na sinabi ng dakilang banal na ‘yun ng sinaunang panahon. Sa pinaka mainam kong nalalaman, ay hindi ko. . . Hindi ko ipinagkait, bagkus ay sinaysay sa inyo ang buong Kapasyahan ng Diyos.

³⁰ May nagpipi-play ng mga teyp, noong isang araw. At dahil sa may nagalit dahil dun, binaril sila sa bintana, at may babae nga na nasugatan.

³¹ Kaya marahil balang araw ay seselyuhan ko ang aking patotoo sa ganoon. Pero kapag dumating na ang panahon na ‘yan at ito’y. . .Handa na akong yumao. Hanggang sa hindi pa

dumating ang oras ko, walang bagay na makahahamak sa akin hanggang sa oras na 'yan. Kita n'yo?

³² Ngayon, nananampalataya tayo sa siya ring Ebanghelyo, sa kung papaano mismo ang Biblia'y nasulat. Asintado mismo. At—at kung ang baril ay eksaktong inasinta, at tudlang-tudla; at kung tatamaan nito ang target sa unang pagkakataon, tatamaan nga nito ito sa ikalawang pagkakataon, at sa bawat pagkakataon.

³³ Kung ang isang puno, o isang sanga, o gumagapang na halaman, ay mag-uusbong ng sanga, at ang sanga na 'yun ay magbubunga ng naturang bunga; sa susunod na beses na ang—ang halaman na 'yun ay mag-uusbong ng sanga, magbubunga ito ng siya ring uri ng bunga mismo.

³⁴ At kung si Jesus ang Puno, at tayo ang mga sanga; at ang unang Sanga, ang Iglesya, na pinausbong ng Puno na 'yun, ay naisulat nila ang Aklat ng Mga Gawa sa likod nito. At ang unang Sanga na 'yun ay nagbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. At nasa kanila ang buhay na Diyos sa kalagitnaan nila, na pinangyari ang siya ring mga bagay sa gitna nila gaya ng ginawa Niya noong Siya'y nasa lupa. Kung gayon, mapapansin sila mismo ng mga tao, gayong sila'y mangmang at hindi nakapag-aral, na nakasama nila si Jesus, dahil ang Kanyang Buhay ay nananalaytay sa kanila.

³⁵ Gaya ng sinabi ko na noon, kung nasa akin ang espiritu ni—ni Beethoven, magsusulat ako ng mga awitin. Kung si Beet- . . . kung ako . . . Kung si Beethoven ay nabubuhay sa loob ko, ako'y magiging Beethoven mismo. Kita n'yo?

³⁶ Kung si Shakespeare ay nananahan sa akin, magiging Shakespeare ako. Ako—ako'y magsusulat mismo ng mga tula, at—at—at mga dula, at iba pa, kung si Shakespeare ay nananalaytay sa akin.

³⁷ At kung si Cristo ang nabubuhay sa akin, ang mga gawa ni Cristo ay inyong gagawin. Tama. Marapat lamang. At ano si Cristo? Ang Salita. Sabi Niya, “Kung kayo'y nagsisipanatili sa Akin, na ang Aking Salita ay nasa inyo, kung ganoon ay hingin ninyo ang nais ninyo; ito'y ipapangyari.” Dahil, naroon ang Salita, kinakailangan lang ng Liwanag; at ang Liwanag ang nagbibigay-buhay Rito.

³⁸ Kaya ngayon may bagay akong sasabihin sa inyo, ngayon, na matagal ko nang hindi nasasabi. At, 'yun ay, ang bagay na inaasam natin nang matagal nang panahon (nang maraming taon na, apat o limang taon, o marahil mas mahaba pa), ang Ikatlong Hatak, ay pinagtibay na ngayon, at sigurado ako na lahat kayo'y nalalaman kung ano ito.

³⁹ Ngayon alalahanin n'yo, kailanma'y hindi 'yun magkakaroon ng panggagaya, dahil hindi 'yun magagaya. Kita n'yo, hindi maaari. Ngayon ito'y umiiral na. At akin

nang. . . Ako'y binalaan na tungkol dito, na malapit nang. . . Na sa oras na ito ngayon ay nagaganap na ito, kaya mapagkikilala nito ang presensya nito sa kalagitnaan n'yo, kita n'yo, pero hindi ito iiral sa dakilang paraan hanggang sa ang Konsehong ito'y magsimulang maghigpit. At kapag naghigpit na, kapag gawin na nun. . . Ang mga Pentecostal, at iba pa, ay halos may kakayahan nang gayahin ang kahit na ano na maaaring gayahin. Pero kapag dumating na ang panahon na 'yan, kapag dumating na sa pagpipiga, mangyari nga na makikita n'yo, ang bagay na nakikita n'yo lang nang pansamantala, ay mahahayag sa kapunuan ng kapangyarihan nito. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo?

⁴⁰ Ngayon kinakailangan kong ipagpatuloy ang pagi-ebanghelyo. Gaya ng kung papaano ako inatasan, noong una, kinakailangan kong magpatuloy. Kaya naman, kamit n'yo ang Salita, at napagkikilala n'yo kung ano ang bagay na dapat n'yong tingnan, kung papaano tumindig. Kinakailangan kong ipagpatuloy ang pagi-ebanghelyo. At, mga kaibigan ko, magpitagan kayo, at magpatuloy lang, dahil ang oras ay dumarating na nang mabilis, kita n'yo, kung kailan may bagay na kinakailangang magawa.

⁴¹ Ngayon, marahil may makikita kayong munting kakaibang bagay na mangyari para sa akin. Walang masama; hindi 'yun ang ibig kong sabihin. Haya't, ang ibig kong sabihin, bagay na kakaiba sa kung ano 'yung pangkaraniwan na bagay. Dahil, sa dako na ito na narating ko ngayon, sa pagmiministeryo, ako'y bumababa pabalik rito, nakaantabay sa dakong 'yun at naghihintay para sa oras na gagamitin ito. Anupa't, ito'y gagamitin mismo.

⁴² At alam 'yan ng bawat isa, na, kung gaanong katiyak tulad nung Una na napagkilala, ganoon din itong Pangalawa na mapagkikilala. At kung bubulayin n'yo nang maigi, kayo na mga espirituwal. Gaya ng sinabi ng Biblia, "Ito'y para sa kanya na may karunungan." Ang Ikatlo'y maayos na napagkikilala. Kita n'yo? Alam natin kung nasaan ito. Kaya, ang Ikatlong Hatak ay narito na mismo.

⁴³ Napaka sagrado nito, na, hindi dapat ako magsabi nang anumang labis tungkol dito. Gaya ng sinabi Niya sa akin sa pasimula, sabi, "Ito, huwag kang magsalita ng anuman tungkol dito." Naalala n'yo ba 'yan, mga taon na ang nagdaan? Ito kasi'y magsasaysay ukol sa sarili nito. Kita n'yo? Pero kayo. . . Sinusubukan kong ipaliwanag ang iba, noon at nakagawa ako ng pagkakamali. Kaya ito ang mismong bagay, na, sa aking palagay. . . Hindi ako nagsasabi na sinabi ito sa akin ng Panginoon. Ito'y magiging isang bagay na magbubunsod ng pananampalataya ukol sa Pag-agaw, para sa pag-alis. Kita n'yo? Kita n'yo? At ito. . .

44 Kinakailangan kong manahimik nang kaunting panahon. Ngayon alalahanin n'yo ito, at sa inyo na nakiking sa teyp, marahil makikita n'yo ang isang pagbabago sa aking pagmiministeryo agad-agad, na bumabaling pabalik, hindi paitaas; kundi bumababa. Nasa naturang kapanahunan na tayo ngayon, at hindi na ito, hindi na lalayo pa. Isang sandali na lang ang kailangan nating hintayin hanggang sa ito'y mangyari *rito*, para maunawaan, pagkatapos ay darating na ang oras na 'yun. Pero, ito nga'y ganap mismo na napagkikilala na.

45 May darating na panahon, sa bansang ito, kung saan isasakatuparan ng bansang ito ang lahat ng kapangyarihan na taglay noon ng hayop na nauna rito, haya't ang paganong Roma nga bago ito naging papal na Roma, kita n'yo, na gagawin nga 'yan ng bansang ito.

46 Tahasang ipinapaliwanag ito ng Apocalipsis 13. "Ang kordero'y lumitaw mula sa lupa. Ang isa pang hayop ay lumitaw mula sa tubig," sa lubhang marami't karamihan ng mga tao. Ang kordero na ito'y lumitaw sa dako kung saan walang tao. Nirepresenta ng isang kordero ang isang relihiyon. Ang Cordero ng Diyos. . . At, alalahanin n'yo, nagsalita ito na gaya sa isang kordero. Isa itong kordero.

47 At pagkatapos, paglaon, ito'y nagi-. . . tumanggap ng kapangyarihan, at nagsalita na parang isang dragon; at isinakatuparan ang lahat ng—ng sa dragon, kapangyarihan ng dragon na nauna sa kanya. At ang *dragon* ay ang "Roma," sa tuwina. Kaya hindi n'yo ba nakikita? Romanong denominasyon; "isang tanda," Protestanteng denominasyon; "isang imahe ukol sa hayop," gumagawa ng kapangyarihan na pupuwersahin na sumapi ang lahat na mga Protestante, katulad sa isang unyon. Kinakailangan na kasapi kayo nung Konseho ng Mga Kaiglesyahan, o hindi kayo maaaring makipagbuklod. O magkaroon—magkaroon. . .

48 Buweno, ito'y—ito'y halos ganoon na ngayon. Hindi kayo maaaring magpunta sa isang simbahan at mangaral kung wala kayong card na katibayan ng pakikipagbuklod o kung anong pagkakakilanlan. At ngayon, sa mga tao na gaya natin, tayo'y maiitsa-puwera sa lahat ng 'yan, sa lahat mismo, ganoon nga, dahil hindi nila 'yun papayagan.

49 Naghihigpit na. At pagkatapos kapag dumating na ang oras na 'yun, at ang paghihigpit ay dumating na sa punto na kayo'y hihigpitan na nang husto, mangyari nga na antabayanan n'yo ang inihahanda ko na sabihin sa inyo maya-maya. Antabayanan n'yo ang Ikatlong Hatak kapag ganoon na, kita n'yo, at ito'y ganap na magiging sukdulan para sa mga ganap na ligaw, pero ito'y—ito'y magiging para sa Nobya at sa Iglesia.

50 Ngayon mas malapit na malapit na tayo kaysa kung titingnan. Hindi ko alam kung kailan, pero talagang, talagang

malapit na. Marahil ako'y nagtatayo ng isang patungan na sasampahan ng kung sinong iba. Marahil ako'y kukunin na bago ang oras na 'yun. Hindi ko alam. At ang panahon na 'yan ay marahil itong parating na sanlinggo, na ang Espiritu Santo ay darating na may . . . at ibubunsod si Cristo Jesus. Marahil Siya'y darating na sa susunod na sanlinggo. Marahil Siya'y darating na ngayong gabi. Hindi ko alam kung kailan Siya darating. Hindi Niya 'yan sinasabi sa atin.

⁵¹ Pero naniniwala ako, na tayo'y nalalapit na talaga, na hindi ako mamamatay sa katandaan. Gayong, ako'y limampu't apat na taong gulang na, hindi ako mamamatay nang matanda ang edad, hanggang Siya'y pumarito. Kita n'yo? Maliban na lang kung ako'y mabaril, mapatay, o kung anong iba pa, na sa kung anong paraan ay mapatay, anupa't hindi ako mamamatay sa katandaan, hanggang sa Siya'y dumating. At naniniwala ako riyon.

⁵² At nais kong sabihin ito. Hindi ko pa ito nasasabi noon. Pero batay sa Kasulatan, batay sa bagay na sinabi Niya tatlumpung taon ang nakararaan; tatlumpu't tatlong taon sa may ilog sa dako roon, noong 1933, ang ibig kong sabihin; ang bagay na sinabi Niya, haya't ang lahat ay naganap mismo nang eksakto. Marahil hindi ako ang gagawa nito, pero ang Mensaheng ito ay magpapakilala kay Jesus Cristo sa mundo. Kung papaano, "Na si Juan Bautista ay isinugo para paunahan ang unang pagparito, gayon din ang Mensahe na ito na pauunahan ang ikalawang Pagparito." At sabi ni Juan, "Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng mundo." Kita n'yo? Kaya, ito'y, ganap na magkatulad sa lahat na anggulo. At alam ko na gagawin nito, na ang Mensahe ay magpapatuloy mismo.

⁵³ Ngayon, may ilang dakilang mga bagay na nangyayari sa daan. Itong umagang ito ako'y kinapapanayam sa silid dito. At may—may kabataang lalaki, na ang pangalan ay Autry, narito siya marahil ngayong gabi. Taga-San Antonio, Texas siya. Nagpunta siya roon para tanungin kung . . . kailan daw ba kami magpupunta ng Dallas, pagkagaling sa California; na kung makasasadya raw kami nang isang gabi sa kanilang tabernakulo, kahit isang gabi lang. At inasahan nila 'yun, pagkasunod na araw o makalawa, para tingnan kung makakapunta ba kami. At sinasabi niya sa akin ang tungkol sa . . . Hindi pa ako nakakapunta sa San Antonio simula nung unang pagtitipon.

⁵⁴ Ngayon, 'yung unang pagtitipon, noong magtungo ako sa San Antonio. Nandun ako, sa palagay ko, kasama si Kapatid na Coote at ang—at ang International Bible School. At nakalimutan ko 'yung awditoryum na ginanapan namin ng gawain. At parang unang gabi o pangalawang gabi ko 'yun, sa tingin ko unang gabi, noong naglalakad ako papunta sa entablado, na may tumayo sa loob ng gusali, doon sa likod na likod, at nagsalita sa iba't ibang wika, na parang isang—isang machine gun na rumaratatat. At

kakaupo't kakaupo nga lang niya, isang sandali lang o dalawa, may isa na namang tumayo sa entablado at nagbigay ng salin.

⁵⁵ At napahinto ako, sa bagay na sinabi nung lalaki. At sinabi ko sa lalaki, “Nakikilala mo ba ang lalaking *ito*?”

Sabi niya, “Hindi, po.” Tapos sabi niya . . .

Sabi ko, “Papaano ka nakapunta rito?”

⁵⁶ Sabi niya, “Yung mga tao na pinagtrabahuan ko, sila’y nasa . . . nandito sila ngayong gabi, at isinama nila ako.” Isa siyang . . . isang cowboy.

Tapos sabi ko, “Anong trabaho *mo*?” Sabi niya . . . “Nakikilala mo ba siya?”

⁵⁷ Sabi niya, “Hindi, po. Hindi ko pa siya nakikita kahit kailan.”

⁵⁸ Tapos sabi ko, “Ano ka?” At isa—isa pala siyang negosyante sa siyudad.

⁵⁹ At ’yung bagay na sinabi nila sa—sa . . . Ngayon, ako talaga noon pa, bago ko malaman ang bagay na mas mainam, ako’y medyo nagdududa sa pagsasalita sa iba’t ibang wika; iniisip ko kasi na karamihan nun ay sa laman lang, at marahil ganoon nga. Pero noong masabi nga ito, ang interpretasyon kasi nun ay eksakto mismo sa bagay na sinabi ng Anghel ng Panginooon doon sa ilog, labing-isang taon bago ’yun, “Kung papaano na si Juan Bautista ay isinugo para paunahan ang unang pagparito ni Cristo, ikaw ay pinapadala para paunahan ang ikalawa.” Kita n’yo?

⁶⁰ At hayun nga ’yun, noong ang Anghel na ’yun, ang Liwanag na ’yun na masusing napagkilala. Kapwa ng iglesya, ng Salita, ng siyensiya, at ng lahat, ay pinagkilala ito. Ang Liwanag na ’yun, sa unang pagkakataon Nito na magpakita sa publiko, na naroon sa dako kung nasaan ako; nang mga alas dos ng hapon, sa paanan ng tulay roon, dito mismo sa unahan ng Spring Street, sa tubig. Ngayon, ’yun po’y maraming, maraming taon na ang nakararaan. At eksakto kung ano ang sinabi Nito, ay nangyari nga, hanggang sa pinaka tuldok.

⁶¹ Itong kapatid na ito rito’y sinasabi sa akin, kaninang umaga. May napangasawa siyang kabataang babae rito sa iglesya, anak na babae ni Kapatid na babaing Noyes. At di ko lang alam, sa palagay ko ang kabataang lalaki . . . Nandito ka ba, Kapatid na Autry? Hindi ko alam. Taga-San Antonio siya. Hindi ko lang alam kung nandito siya o wala. Nandito siya kaninang umaga. At sinasabi niya sa akin. Sa palagay ko ang lolo niya, doon sa pagtitipon na ’yun, na epileptiko nang buong buhay niya, at dinala roon.

⁶² Yun ’yung Una, pagsisimula ng pagmiministeryo, noong sabihin Nito na ’yung, ’yung espirituwal na pagkilala, ay pagpapatong ng kanilang mga kamay sa aking kamay, at kung

anong sasaysayin ay kung ano mismo 'yun. At sinaysay ko sa inyo, at marami ang mga saksi sa gabing ito, na ito'y mangyayari na matatalos ko ang pinaka lihim ng kanilang puso. Naalala n'yo ba 'yun, bago 'yun mangyari? Mga lima o anim na taon pagkatapos, naganap 'yun; doon sa Canada, sa unang pagkakataon, at nangyari 'yun. Pagkatapos ang sabi Niya, "Kung mapapanatili mo ang pagiging sinsero, magpapatuloy ito nang magpapatuloy." At ngayon ang Ikatlong bagay ay nangyari na, kita n'yo, palagiang nagpapatuloy.

⁶³ At sinabi niya na ang tatay niya'y dinala roon sa pila, at sinaysay sa kanya ang epilepsy na 'yun, at kung ano pa, at nanalangin ng panalangin para sa kanya. At 'yun nga'y mga labing-anim na taon na ang nakararaan, sa palagay ko, mga labing-anim o labimpitong taon na ang nakararaan. At sinabi niya na hindi na siya kailanman nagkaroon ng anumang kombulsyon mula noon. At siya'y halos walumpu't limang taong gulang na, at hindi na kailanman nagkaroon ng kombulsyon mula noon. Ano 'yun? "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

⁶⁴ Nandito ba sa loob ng gusali si Margie Morgan? Si Kapatid na babaing Margie Morgan, isang ginang na kinain na ng kanser; isang nars. Ilan po ang nakakaalala kay Kapatid na babaing Morgan? Kung nandito siya, haya't di yata siya makapunta. Nagnanars siya. Kita n'yo, nasa listahan ng may kanser sa Louisville, ang babae ngang ito'y patay na dapat nang mga labing-anim, labimpitong taon, na nandun sa listahan ng mga may kanser sa Louisville.

⁶⁵ Noong si Jim Tom Robertson, ang abogado, Cristianong abogado'y, nabalitaan ang tungkol dito, nagtungo siya sa Baptist Hospital, para siyasatin at tingnan kung tama ba, dahil ang tatay niya ay miyembro nung lupon, tagapangasiwa ng Baptist Hospital. At tiningnan nila 'yung kaso, at 'yung babae'y dapat patay na, nang maraming taon ang nakararaan. At heto't nagnanars siya rito sa Jeffersonville, sa ospital. Noong siya'y tumayo rito, noong alalayan nila siya para makatayo, mangyari nga na wala siya sa ulirat niya. Pero 'yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at siya'y buhay. Siya'y nagnars, sa Louisville.

⁶⁶ At may isa pang kapatiran dito, na taga-Schimpff's Candy. Nandito ba si G. Schimpff ngayong gabi? Nais kong siya mismo ang magkuwento nito, kung nandito siya. Si Sonny Schimpff, malaki't malusog na lalaki. Maraming beses noong ako'y nag-aano dati . . .

⁶⁷ Ayaw ko sanang sabihin ito, pero ito po ang katotohanan. Binibigyan ako noon ng Tatay ng diyes sentimo kung magratrabaho ako buong sanlinggo, at nagpupunta ako noon sa bayan at ipinaparada ko ang bisikleta ko malapit lang

sa lugar ni Kapatid na Mike Egan, na isa sa mga tagapangasiwa rito. Kasama si Jimmy Poole, sa palagay ko nandito ang anak niyang lalaki ngayong gabi; si Jim at ako, at si Earnest Fisher, at dumadayo kami sa bayan, at nagpupunta kami sa palabas na sine sa halagang singko sentimos, at nanonood kami dati ng lumang mga sine. Maliliit na mga paslit pa kami noon, at nais namin, mga walo, sampung taong gulang pa lang kami noon. Ang napapanood namin noon ay si William S. Hart. Marami sa inyo ang hindi na siya naaalala, isang sinaunang artista. Sine; at hindi ako makapagbasa. Pinapanood ko lang kung anong makikita. At kung minsan nakasulat lang ang lahat ng 'yun, at hindi ko tuloy masundan, pero pinapanood ko na lang kung anong ginagawa niya.

⁶⁸ Tapos may matitira pa akong singko sentimos. At ilan ang nakakaalala na isang sentimo lang 'yung apa ng sorbetes noon? Buweno. Nakakabili ako ng tatlong apa ng sorbetes, at dalawang-sentimong halaga na kending red hot. Hindi ko puwedeng hawakan lang 'yung apa ng sorbetes, kaya kinakain ko na agad. Tapos bibili ako ng dalawang-sentimong halaga na red hot, halos kalahating libra na 'yun. At ang Schimpff's ang gumagawa nun. At nagpupunta ako roon, at mauupo ako roon at papanoorin ko si William S. Hart.

⁶⁹ At itong kabataang ito, na mas matanda lang sa akin nang kaunti, pinapahirapan siya ng kung anong sakit, na limang kilalang espesyalista na ng Louisville ang sinukuan na siya, halos apatnapu't limang libra na lang ang timbang niya, at halos mamatay na. Si Gng. Morgan ang nagnanars sa kanya. At ganoong kalala na ang kondisyon niya! Napakarami niyang komplikasyon; bagbag na ang mga бага niya, bagbag na rin ang lalamunan niya. Yung braso niya'y halos *ganoon* na lang kanipis, at nakaratay siya roon, na mamamatay na.

⁷⁰ At si Gng. Morgan ang kinuha para mag-asikaso. Kaya ang sabi niya sa kanya, "Dati rin akong naging pasyente na may kanser," at unti-unti 'yung ikinuwento sa kanya.

⁷¹ Sabi niya, "Sino po 'yung sinasabi n'yo, si Billy Branham po ba? Naku," sabi niya, "Marami na akong nabenta sa kanya noon na mga kending red hot at apa ng sorbetes." Sabi niya, "Iniisip ko nga kung maaari ba siyang makapunta rito at ipanalangin ako?" At nagpunta ako para ipanalangin si Junie Schimpff.

⁷² At ngayon kung nais n'yo siyang makausap, diyan lang po ito sa Schimpff's Candy sa dako rito, diyan lang sa kapitbahay, o ikalawang pinto mula sa LeRose Theatre, sa tabi lang ng kalsada. Schimpff's Candy, lahat kayo na taga-rito'y alam na alam kung saan 'yan. Siyanga't, isa ito sa pinaka matandang establisyamento sa Jeffersonville.

⁷³ At habang nakaratay siya roon, na naghihingalo, na limang espesyalista na ang nagtaning sa kanya na ilang oras na

lang siyang mabubuhay. Yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, "Hindi ka mamamatay; anupa't magtitinda ka uli sa akin ng kending red hot, doon sa counter." Matagal . . .

⁷⁴ Alam ko na gumaling siya, pero matagal ko nang nakalimutan ang tungkol dun. At ang maybahay ko't ako'y nagtungo roon para bumili ng ilang kendi, noong makauwi kami rito nang Pasko. At kung papaano, hindi ko alam, kung papaano namin naisip ang tungkol sa Schimpff's. Dahil, kadalasan, nagpupunta kami rito sa ilang mga botika at doon bumibili, pero tumigil kami sa harapan ng Schimpff's.

⁷⁵ Noong pumasok ako, bumaling ang kapatid niyang babae, at sabi nito, "Buweno, Kapatid na Branham." Sabi niya, "Naaalala mo pa ba si Junie?"

⁷⁶ Sabi ko, "Oo." At doon nga, heto ang isang malaki't matikas, na malakas, malusog-tingnan na lalaki.

⁷⁷ At lumakad ako roon sa counter, nakatungo ako roon, nakatungo pababa nang *paganito*. Sabi ko, "Kukuha ako ng isang librang kendi na red hot."

⁷⁸ Tapos sabi nung lalaki, "Sige, po." Mangyari nga, ang kapatid niyang babae'y inaasikaso ang maybahay ko. At, kaya, siya ang naglabas nun.

⁷⁹ Tapos sabi ko, "Dati-rati'y kumakain ako nito, matagal nang panahon ang nakalipas, dito sa may panooran ng sine"; nakatungo pa rin ang ulo ko.

Tapos sabi nung lalaki, "Oo nga," sabi, "marami sa mga kabataan ang bumibili n'yan." "Hanggang ngayon bumibili pa rin sila," sabi ko.

Sabi niya, "Ang tatay ko ang gumagawa n'yan, siya ang nakaimbento ng pormula." Sabi ko, "Gustung-gusto ko ang mga ito."

⁸⁰ Ngayon, matapos na maihanda na niya ang mga kendi't iniabot na sa akin, sabi, "Mayroon pa bang iba?"

Tapos sabi ko, "Hindi ko pa alam," at inangat ko ang ulo ko. Oh, naku! Sabi niya, "Kapatid na Branham!"

⁸¹ Sabi ko, "Heto ang mga kending red hot, na, sinabi ko sa'yo, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON,' mga limang taon ang nakararaan."

⁸² Sabi niya, "Kapatid na Branham, ganap na akong pinagaling, ni isang sumpong ay wala na. May kahinaan lang akong makarinig sa isang tainga." Sa palagay ko'y nasa mga lampas singkuwenta na siya. Sabi niya, "Medyo nahahirapan lang ako makarinig sa isang tainga, dahil binigyan nila ako ng napakaraming antibiyotiko noong naroon ako." Siyanga't ang kamangha-manghang biyaya ni Jesus Cristo!

83 Ngayon wala na akong masyadong oras para magsaysay ng iba pa, pero nais ko—nais ko—nais kong sabihin ang pahayag na ito.

84 Ilan ang nakakaalala tungkol sa mga squirrel? Sige. Isa nga 'yung nakapagtata kang Kasulatan, sa buhay ko, na hindi ko—hindi ko mainti-intidihan.

85 At heto ang isa pa na nakapagtataka para sa akin, 'yun 'yung noong si Moises ay may nasabi sa Diyos na mas mainam na paraan kaysa sa nalalaman ng Diyos na pamamaraan ng paggawa sa bagay na 'yun, noong sabihin ni Moises, “Sasabihin ng mga tao, ‘Ang inyong Diyos ay may kakayahan na ilabas kayo, pero wala namang kakayahan na lingapin kayo,” at inilagay ni Moises ang kanyang sarili sa pagitan na 'yun. Pagkatapos nalaman ko kalaunan, na si Moises, na si Cristo pala 'yun na nakay Moises, na tumatayo para sa mga tao. Kita n'yo?

86 Kaya naman dito sa Kasulatan na ito, na hindi ko kailanman ipinapangaral, “Kung sasabihin n'yo sa bundok na ito, ‘Lumipat ka.’” At alam n'yo na ang kuwento, kaya lalampasan ko na. Ngayon, wala akong kaalam-alam noon kung saan 'yun patugaygay. At sa palagay ko sina Kapatid na Wood at Kapatid na Fred, at sila, ay narito sa gusali, na naroon din noong mangyari ito, o pagkatapos na mangyari ito roon.

87 At sina Kapatid na Rodney at Kapatid na Charlie, na mga taga-riyan sa Kentucky, ang kapatid na lalaki ni Kapatid na babaing Wood at sila'y naroon noong mangyari ito sa Kentucky, na ikalawang beses na noong mangyari ito. Sadya ngang pagsasalita upang lumitaw, ang mga bagay-bagay na wala. Kita n'yo? Pagsasalita, sa tuwina, at sinusuportahan ng mga Kasulatan, pagbibigay-sigla.

88 Ang ikatlong beses na mangyari ito ay kay Hattie Wright. Nandito ba si Hattie ngayong gabi? Ang ano po ni Edith. . . Ilan po ang nakakakilala kay Hattie Wright? Si Kapatid na Wood at ako'y nakaupo roon noong mangyari ito, at noong sabihin ng Espiritu Santo, “Ibigay sa kanya ang nais niya,” at pinag-uusapan namin ang tungkol dun, kung papaanong lumitaw na lang ang mga squirrel na 'yun.

89 Tapos sabi ko, “Yung, tanging isang bagay lang, na Siya ay si Jehovah-Jireh. Noong nangailangan si Abraham ng lalaking tupa, ang Diyos ay naglaan ng lalaking tupa. At Siya'y naglaan ng mga squirrel. Siya'y may kakayahan na magsalita lang at lilitaw ang squirrel, dahil Siya ang manlilikha, kung papaano nga na may kakayahan Siya na magsalita't lumitaw ang lalaking tupa. Hindi 'yun hiningi ni Abraham. Siya lamang ay nakahanda na sanang gawin 'yun, pero ipinakita nun na si Jehovah-Jireh ay naroon.”

90 Noong sabihin ko 'yun, isang mapagpakumbabang munting babae. . . Sa kauna-unahang beses na nangyari ito, ang Ikatlong Hatak, sa isang tao, ay sa munting, mapagpakumbabang babae.

91 Na, halos dalawang daang dolyar lang ang kinikita kada taon, na ikinabubuhay niya, 'yun lang ang kinikita niya sa munti niyang bukid. Patay na ang asawa niyang lalaki; may dalawang anak siya na para bang napariwara. At lumapit siya noon at maluwag sa kaloobang nagbigay ng dalawampung dolyar, mula roon, para sa pagpapatayo ng Tabernakulong ito. At binigyan ako ni Meda ng kaunting pera noong umaga na 'yun na pambili ng pangagailangan sa bahay, dalawampung dolyar, at ibalik ko na sana sa kanya 'yun noong araw na 'yun, habang naroon ako, para di na niya kailangan pang magbayad. Pero hindi nga niya tinatanggap. At noong. . .

92 Nakaupo siya roon sa sulok, at noong sabihin ko, "Ang tanging bagay na nalalaman ko, ay, Siya'y nananatili pa ring Jehovah-Jireh."

93 At sinabi ni munting Hattie ang tamang salita. Sabi niya, "Wala nang iba't ang Katotohanan mismo 'yan."

94 At noong sabihin niya 'yun, si Kapatid na Banks Wood dito'y isa sa mga naroon, na 'yung silid noong mga sandaling 'yun ay halos bumigay. At sabi ng Espiritu Santo, yaong siya ring Tinig na nagsalita noon tungkol sa mga squirrel, sabi, "Ibigay sa babaing ito ang hinihiling niya."

95 At kaya ang sabi ko, "Kapatid na babaing Hattie, bilang saksi sa harap ng Diyos, heto na. Ngayon, kung mayroong anumang pag-aalinlangan sa isip mo, hilingin mo ang bagay na nais mo, at kung hindi 'yan mapresenta sa harapan mo mismo, kung ganoon ay isang bulaang propeta ako."

96 Sabi niya, "Kapatid na Branham." Ang lahat nga'y umiiyak na noon. Sabi, "Anong hihilingin ko?"

97 Sabi ko, "Mahirap ka, at nakatira ka roon sa ibabaw ng burol sa dako roon, na walang kapera-pera; maaari kang humiling ukol dun. May munti't, pilay na kapatid na babae ka na nakaupo rito, si Edith, na ipinanalangin na noon, nang maraming taon; maaari mong hilingin ang kanyang kagalingan." Sabi ko, "Ang tatay at nanay mo'y matanda na't masakitin pa; maaari kang humiling ukol sa kanila. Anuman mismo ang hilingin mo, Kapatid na babaing Hattie, makikita mo mismo kung ito'y mangyayari o hindi, ngayon mismo." Tapos sabi ko, "Kanya mismong kasasabi lang sa akin, ang siya ring Tinig na 'yun, ang sabi, 'Ibigay sa kanya ang kanyang hihilingin.'"

98 Tapos tumingin siya sa paligid, sabi, "Ano pong sasabihin ko, Kapatid na Branham?"

99 Sabi ko, "Sabihin mo ang nais mo. Isipin mo ang pinaka malaki mong minimithi, at sabihin ito."

¹⁰⁰ At 'yung kanyang mga anak na lalaki noong sandali na 'yun ay para bang humahagikgik at nagtatawanan. Tapos sabi niya, "Ang pinaka malaki kong minimithi ay ang kaligtasan ng dalawa kong anak na lalaki."

¹⁰¹ Sabi ko, "Ibinibigay ko sila sa iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo," at ganoon nga ang nangyari sa kanila.

¹⁰² At sila'y naging tapat sa iglesyang ito, at sa komunyong nga, hayan sila na munting kabinataan na nakaupo roon na naghuhugasan ng paa kasama ang mga kalalakihan, at mga bagay na gaya nun. Lahat tayo'y saksi mismo nun.

¹⁰³ Tunay mismo ang kanyang pinili. Ang nanay niya'y mamamatay pa rin naman, maging siya, lahat sila. Pero ang bagay na hiniling niya ay Walang Hanggan, at ang kaligtasan ng kanyang mga anak. Yun 'yung ikatlong beses na nangyari ito.

¹⁰⁴ Ang ikaapat na beses na nangyari ito, naipaliwanag ko na 'yun dito noong huling beses na nandito ako, haya't doon nga sa ibabaw ng bundok kung saan mabalasik ang bagyo. Ilan po ang nakarinig na tungkol dito? Oh, lahat kayo. Sige. Kung saan mabalasik 'yung bagyo. At ang Diyos ang aking Tagahatol na nakatayo rito, sa pagbaba ko sa bundok na 'yun noong . . .

¹⁰⁵ Si David Wood, nandito siya sa kung saan, sa palagay ko, na ginawan ako ng pinalamanang tinapay, at ang laki nun! Sa palagay ko gusto lang niyang bumawi sa akin para dun sa ginawa ko para sa kanyang tatay, mga ilang taon pa lang ang nakararaan. Nilagyan niya ng bologna, at—at karne't lahat na pinaghalo-halo. At itinago ko 'yun sa kamiseta ko, at umulan, at naging malaking umbok ng masa 'yun.

¹⁰⁶ At pababa ako noon sa bundok. Masyadong malakas ang bagyo, ni hindi ko makita ang kamay ko sa harapan ko mismo, halos. At alam ko, na isang bagay lang talaga, kinakailangan mong bumalik, dahil ang hangin na 'yun ay talagang sobrang tindi ang ihip.

Ngayon may mga nakasaksi nun na narito, sa pangyayari na 'yun.

¹⁰⁷ Ang isa sa kanila'y isa sa tapat nating mga diyakono, si Kapatid na Wheeler. Nandito ka ba, Kapatid na Wheeler? Nasaan siya? Siyanga, nandito, si Kapatid na Wheeler.

¹⁰⁸ Si Kapatid na Mann, na isang Methodist na mangangaral na taga-New Albany. Siya ba, si Kapatid na Mann, siya ba'y nandito ngayong gabi? Hindi ko lang alam kung nandito ba siya o wala.

¹⁰⁹ Si Kapatid na Banks Wood. Nandito ka ba, Kapatid na Banks? Nandiyan siya sa rekording na silid. Sige. At—at si David Wood.

¹¹⁰ At maging si Kapatid na Evans ay naroon noon, sa palagay ko. Tama ba, Kapatid na Evans? Hayan si Kapatid na Evans, na nakatayo sa tabi ng dingding, naroon siya noon.

111 At ganoon nga mismo na isinasahimpapawid nila sa radyo nang ilang mga araw na, dalawang araw bago 'yun, "May malakas na bagyong niyebe ang raragasa sa lupa."

112 Nandito si Kapatid na Tom Simpson ngayong gabi. Noong papunta siya noon sa Canada, sinabihan nila siya na iwasan 'yun kasi hindi siya makakapasok, "May paparating na bagyo ng niyebe." Kapatid na Tom, nandito ka ba? Nasaan ka? Heto pala siya, nakaupo rito.

At doon nga'y pumaitaas ang mga ulap. Tapos sabi ko, "Mga kapatid. . ."

113 Nagmadaling lumabas ang lahat. Wala ngang natira roon, sa sandaan at parang ganoong karaming kalalakihan sa lugar na 'yun, wala ngang natira roon kundi ang munting grupo na lang namin at 'yung cowboy, 'yung mangangabayo. At kami nga'y nagpasya na manatili.

114 Tinawagan ko si Kapatid na babaing Evans, at nagbilin ako sa kanya na tawagan ang maybahay ko at sabihin sa kanya na sabihan si Tony, "Na kung hindi ako makalabas dito, kumuha ng iba para idaos ang agahan para sa mga Business Men."

115 At doon sa itaas ng bundok noong—noong araw na 'yun, sabi ko, "Ngayon kapag, nagbadya ang kahit unang munting pag-ulan, o kung ano, kailangang sumilong sa kampamento." Sabi ko, "Sa loob ng sampu o labing-limang minuto'y hindi mo na maaninag ang sarili mong mga kamay sa harapan mo, kapag ang mga bagyo ng niyebe na 'yun. . . at magtatabon 'yun ng dalawampung talampakan na niyebe nang sandali lang, sa buong bundok."

116 At sa ganoong paraan nga na ang mga tao, gaya ng nababasa n'yo sa pahayagan, ganoon nga sila naiipit sa dako roon at namamatay, at lahat na. Pero alam nga namin kung papaano makaalis dun, at alam nila kung nasaan kami, at kaya napagpasyahan namin na manatili na lang.

117 At kaya sa ibabaw ng bundok, noong magsimula ang pag-ulan ng niyebe, nagsimula akong bumaba. At nakakalahating milya na ako mula sa pinanggalingan ko, at ang sabi ng Tinig ng Diyos, "Bumaling ka't bumalik."

118 Kaya bumalik ako gaya ng sinabi Niya sa akin, pagkatapos na maghintay ako nang kaunti at makakain nung tinapay na may palaman na binigay sa akin ni David, tapos bumalik ako roon at naupo.

119 At habang nakaupo ako roon, at 'yung hangin na 'yun ay paikot-ikot at bumubugso, 'yung ibabaw nga ng mga puno'y napapayuko sa direksyon na 'yun, at habang nagliliparan ang mga yelo't niyebe nang paganoon, may isang Tinig na nagsabi, "Ako ang Diyos ng nilikha."

120 Tumingin ako sa itaas, at sa isip-isip ko, “Saan kaya ’yun nanggaling? Yung hangin lang ’yun, siguro.”

121 Sabi Niya, “Nilikha Ko ang kalangitan at lupa. Pinatahimik Ko ang malalakas na hangin sa ibabaw ng mga dagat,” at nagpatuloy sa pagsasalita.

Tumayo ako kaagad at hinubad ang sumbrero ko.

122 Tapos sabi Niya, “Magsalita ka lamang sa bagyo, at huhupa ito. Anuman ang sabihin mo, ’yan ang bagay na mangyayari.”

123 At kaya sabi ko, “Bagyo, humupa ka. At, araw, suminag ka nang normal nang apat na araw, hanggang sa makaalis kami rito.”

124 At hindi pa nga ako natatapos sa pagkakasabi nun, kaagad nga na ang yelo, ang niyebe’t ang lahat ay tumigil na. Nang isang sandali o dalawa, ang mainit na araw ay sumisinag na sa likod ko. Nakita ko ’yung mga hangin na umiihip nang *paganito*, na bumabalik mula sa Hilaga, bumabalik . . . Ang ibig ko palang sabihin ay mula sa Silangan, nanggagaling sa Silangan. Galing ’yun sa Kanluran; pero naiba ang direksyon ng mga hangin at bumaling pabalik sa *paganitong* direksyon. At ’yung mga ulap, na parang isang mistikong bagay, haya’t pumailanlang sa alapaap, at ang araw ay suminag na nang ilang minuto lang.

125 Pagkatapos ang Panginoong Jesus ay nagsalita sa akin maya-maya pagkatapos nun, patungkol sa maybahay ko, gaya ng nalalaman n’yo, patungkol sa kung saan ako pumunta noon. Palagi akong wala sa bahay kapag anibersaryo, at magdadalawampu’t dalawang taon na kaming kasal. Noong una naming anibersaryo, noong una, noong kasal namin, hayan nga, isinama ko siya sa biyahe para mangaso. Mangyari po, na hindi ko kayang bumiyahe para sa pangangaso, at—at—at magpunta sa honeymoon, din, kaya akin—akin na lang pinagsabay ’yun. At mangyari nga, pagkatapos, at ako nga’y matagal—tagal nang nangangaso. Pakiramdam ko’y nais kong iparanas ’yun sa maybahay ko.

Ngayon, ’yun po ang ikaapat na pagkakataon na nangyari ito.

126 Ngayon heto po ang isang bagay na nais kong—nais kong sabihin, at kinakailangan kong sabihin ang mismong katotohanan. Mga labing-anim na taon ang nakakalipas ako’y nasa California noon kasama si Kapatid na John Sharrit, at ako’y nagdadaos ng pagtitipon. At si Meda at ako, at sina Kapatid na lalaking Sharrit at Kapatid na babaing Sharrit, at sila, ay namamalagi sa isang hotel. At may isang lalaki na ang pangalan ay Paul Melikian, na tumayo na rito sa Tabernakulong ito nang maraming beses na; isa po siyang mayaman na Armenian. At ang maybahay niya’y nanganak noon sa Fresno, California, kung saan sila nakatira; at nagtungo siya roon, isinama ang maybahay

niya, at tinawagan ako sa hotel, at sabi, “Maaari ko bang isama ang maybahay ko, Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Oo, maaari naman.” Noong sumunod na araw kasi, ako’y patungo na sa Catalina.

¹²⁷ Kaya isinama niya ang kanyang maybahay, at ang munting ginang ay malubha ang sakit! At tumingin siya. . . Sabi ko, “Ipatong mo ang iyong kamay sa aking kamay, Kapatid na Melikian,” sabi ko, “tingnan natin kung sasaysayin ba sa atin ng Panginoon.” At noong pagkadampi na pagkadampi niya ng kanyang mga kamay sa akin, sabi ko, “Oh, pamamaga ’yun ng binti dulot ng panganganak.”

Sabi niya, “Pero mukha pong wala naman akong sintomas.”

¹²⁸ Sabi ko, “Matyagan mo lang.” Makalipas ang dalawang araw, nilapatan nga siya ng lunas ng mga doktor dahil sa pamamaga ng binti na dulot ng panganganak.

¹²⁹ Katulad ni munting Jimmy Poole dito, ’yung munti niyang anak na sanggol. Noong isang araw nagtungo siya rito na inatake raw siya sa puso, ’yun ang naisip nila, at atake sa hika pala. At ipinatong ko ang aking kamay sa kanya. Sabi ko, “Bantayan n’yo siya nang mga dalawang araw; may tigdas siya. Palitaw ’yun. Hayan na ang lagnat.” Nakatagpo ko siya kagabi. Ang sabi niya’y lumitaw nga ’yun nang husto, buong katawan mismo’y, tinigdas. Kita n’yo?

¹³⁰ Ngayon, kinakausap ko noon si Kapatid na babaing Melikian, ipinapakita ’yung kamay na ’yun. Sabi niya, “Kamangha-manghang bagay po, na masaksihan ’yan, Kapatid na Branham.” Sabi niya, “Gumagana po ba ’yan sa bawat kamay?”

¹³¹ Sabi ko, “Buweno, kung mayroong suliranin sa isang pasyente.” Sabi ko, “Ngayon heto, ipapatong ko ang kamay ko rito,” marami sa inyo ang tumayo noon at nasaksihan ito, at hindi ’yun nagpamalas ng anuman. Sabi ko, “Heto, wala ngang sakit ang maybahay ko, ilalagay ko ang kamay niya. . .”

¹³² “Tingnan mo dito, mahal, ipatong mo ang kamay mo sa akin.” Nakaupo siya riyang ngayon, ang maybahay ko. Ipinatong niya ang kamay niya sa akin. Pagkatapos na pagkatapos nun, sabi ko, “Mayroon kang cyst sa kaliwang obaryo mo. Mayroon kang suliranin na pambabae.”

Tapos sabi niya, “Wala naman akong nararamdaman na kakaiba.”

¹³³ Sabi ko, “Pero mayroon ka nito.” Si Becky ay dalawang taong gulang pa lang noon. Yung anak kong babae na tumugtog, kanina, siya po’y dalawang taong gulang pa lang noon.

¹³⁴ Pagkalipas ng dalawang taon, si Sarah naman ang dumating sa eksena, at noong. . . Siya nga’y caesarean. At binanggit ko kay Doktor Dillman, ang doktor namin doon sa—sa Corydon,

na, “Kung ooperahan n’yo siya, pakitingnan n’yo na lang po ang kaliwang obaryo niya,” at tiningnan nga niya.

Sabi niya, “Wala namang kung anong problema, sa nakita ko.” Nung ipinatong ko ang kamay ko; nandun pa rin ’yun.

¹³⁵ Apat na taon ang lumipas ay dumating si Joseph. Binanggit ko sa doktor na tingnan uli. “Wala namang suliranin, sa nakikita ko.” Ipinatong ko ang kamay ko uli; nandun pa rin ’yun. Kaya para bang hindi na namin inisip ’yun.

¹³⁶ Ngayon heto ang isang bagay na kailangan kong sabihin. Ayaw ko sanang sabihin ito, pero kailangan kong ilahad ang katotohanan, kita n’yo, at ’yan naman ang bagay na nais n’yo. Sa tuwina’y sabihin n’yo ang katotohanan, kahit na ano pa ang mangyari.

Lumipas ang mga taon, hindi na namin ’yun inisip.

¹³⁷ At sinasabi ko po ito, hindi dahil nakaupo siya riyon, dahil sasabihin ko naman ito kahit wala siya riyon. At alam n’yo ’yan. Naniniwala ako na wala nang mas iinam pang asawa sa mundo kaysa sa aking asawa, at umaasa ako na mananatili siyang ganon sa tuwina. At nais kong maging tapat na asawang lalaki, at umaasa ako na ganon din ito sa bawat kabataang lalaki na nandito sa gusali, kapag siya’y mag-aasawa, siyanga’t kumuha kayo ng mapapangasawa na gaya sa aking asawang babae. Hindi ko alam kung gaanong katagal kaming mamumuhay nang ganon, pero umaasa ako na hanggang sa natitirang buhay namin dito sa lupa. Kami nga’y masayang-masaya na magkasama. Ang Diyos ang nagsabi sa akin na pakasalan siya.

¹³⁸ Noong mga panahon ngang ’yun, hindi niya pa po ito alam noon, para bang iniwasan ko na pakasalan siya; hindi dahil sa hindi ko siya mahal, pero dahil iniisip ko na hindi ko kayang kumita para buhayin siya. At isa siyang mainam na babae, at hindi nga ako nararapat dun.

¹³⁹ At siya nga’y nanalangin, at binuklat ang Biblia. At mangyari. . . Ang sabi niya, “Panginoon, hindi ko pa ito nagagawa noon, pero bigyan Mo ako ng isang Kasulatan na tutulong sa akin. Kung kailangan ko na siyang limutin, kailangan kong kalimutan ito.” Binuklat niya ang Biblia. . .

¹⁴⁰ At lumabas siya’t nagtungo sa isang munting silungan at nanalangin. At noong buklatin niya ang Biblia, “Malakias 4. Narito, Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago ang. . .” Yun po’y—’yun po’y mga dalawampung taon na ang nakararaan, na hindi pa noon nalalaman ang pagmimistryo sa panahon na ito. At ako’y. . . hindi pa. . .

¹⁴¹ Nakahimlay ako sa tabi ng ilog doon. At Kanyang ginising—ginising ako, isang gabi, at narinig ko Siya na nakatayo roon sa tabi ng pintuan. Sabi Niya, “Humayo ka’t pakasalan mo siya, at ang kasal n’yo ay itong parating na Oktubre, sa ika-dalawampung’t

atlo.” At ’yun mismo ang ginawa ko. At kami’y namuhay nang maligaya. Sa biyaya ng Diyos, hindi kami kailanman nagsalita ng anumang masama sa isa’t isa noon pa man. Siya’y isang tunay na magiliw.

¹⁴² Isang araw kararating ko lang. Hayan nga’t siya lang ang naiwan para alagaan ang mga anak namin; ako kasi’y nagtutungo sa pagmiministeryo. Madalang sa kababaihan ang payag sa ganoon; alam n’yo ’yan, sila’y hindi malulugod. At mangyari nga na kararating ko lang, at may sinasabi siya o kung ano. Ipinanganak na noon si Joseph, at siya’y isang. . . Siya nga’y makulit na batang lalaki talaga! At sanhi siya ng dagdag na uban sa ulo ng kanyang nanay, kung papaano naman na ako rin ay ganoon. Mangyari nga na makulit na batang lalaki siya talaga, at may nagawa siya na kung anong bagay na di maganda. At ang sabi ko sa maybahay ko. . . O sinabi niya sa akin, “Bill, paluin mo nga siya.”

Sabi ko, “Hindi ko kaya.” Kita n’yo?

¹⁴³ Tapos sabi niya, “Sige, mabuti sana kung ikaw ang pineperwisyo nito,” tapos kinalabog niya ang pinto sa harap ko.

¹⁴⁴ “Buweno,” sa isip-isip ko, “ayos lang. Hindi naman ito sinasadya ng kaawa-awang asawa ko.”

¹⁴⁵ Ako nga’y lumabas pagkatapos para hugasan ang kotse ko. At noong lumabas na ako roon, hindi ’yun nagustuhan ng Espiritu Santo; sabi Niya, “Pumunta ka’t sabihin sa kanya,” sa palagay ko sa Ikalawang Cronica, ika-22 kabanata. Hindi ko ginawa. Dahil naisip ko, noong una, na guni-guni ko lang ’yun. Nagpatuloy lang ako sa paghuhugas. At nagsalita Ito uli, “Pumunta ka’t sabihin sa kanya na basahin ito.”

¹⁴⁶ At nagtungo ako at kinuha ang Biblia, at binasa ito. Yun ’yung bahagi kung saan si Moi- . . . o si Miriam, na propetisa’y, pinagtawanan ang kanyang kapatid na lalaki, na si Moises, dahil nag-asawa ito ng isang babaing Etiopo, at hindi nagustuhan ng Diyos ang ginawa ni Miriam. At ang sabi Niya, “Mas mainam pa na luraan siya sa kanyang mukha ng kanyang tatay, kaysa sa—kaysa sa—sa gawin ’yun.”

¹⁴⁷ Kaya, si Miriam ay nagkaroon ng malubhang ketong, buong katawan mismo. At mangyari na nagtungo si Aaron, sinabi sa kanyang kapatid na babae, sabi. . . o pumunta’t sinabi sa kanyang kapatid na lalaki, ang sabi, “Siya’y mamamatay na, dahil sa ketong.”

¹⁴⁸ At kaya si Moises ay humangos para mamagitan para sa kanya, sa may dambana. At noong gawin niya ito, bumaba ang Haliging Apoy, ang Diyos. Ang sabi Niya, “Pumaroon ka’t tawagin siya at si Aaron, at dalhin mo sila rito.” At si Aaron ay kasama rin doon, siyanga. Mangyari kasing ang sabi Niya, “Tawagin mo sila at papuntahin dito.”

149 Ang sabi Niya, “Kung mayroon man sa kalagitnaan n’yo,” ang Diyos mismo ang nangungusap sa kanila ngayon, “na espirituwal, o isang propeta, Ako na Panginoon ay ipakikilala ang Aking Sarili sa taong ito. Ako’y magsasalita sa kanya sa mga pangitain, at ihahayag ang Aking Sarili sa kanya sa pamamagitan ng mga panaginip, at—at maghahayag ng mga panaginip, at iba pa.” Ang sabi Niya, “Pero ang Aking lingkod, na si Moises, walang sinuman sa lupain na katulad niya.” Ang sabi Niya, “Ako’y nangungusap sa kanya nang labi sa tainga mismo.” Ang sabi Niya, “Hindi n’yo ba kinatatakutan ang Diyos?” Kita n’yo, hindi ’yun nagustuhan ng Diyos.

150 Buweno, noong makita ko ’yun, ako’y tumakbo mismo. At siya’y naroon sa kabilang silid. Kumatok ako sa pintuan. Nagkulong siya sa silid. At sinabi ko sa kanya na nais kong makausap siya. At pumasok ako roon at nakipag-usap sa kanya, sinikap kong sabihin sa kanya kung ano ’yun. Sabi ko, “Mahal, alam mo kung gaano kitang kamahal, pero hindi ’yun nagustuhan ng Diyos. Hindi mo dapat sinabi ’yun.” Agad-agad pagkatapos nun, nagkaroon na siya ng suliranin sa kanyang tagiliran.

151 Dinala namin siya sa doktor dito sa Louisville, kay Doktor Arthur Schoen, at nakasumpong siya ng tumor sa kaliwang obaryo, na nakita ko nang labing-lima o labing-anim na taon bago pa. “Tumor sa kaliwang obaryo, na kasinglaki halos ng walnut.”

Sabi ko, “Ano pong maaaring mangyari, doktor?”

152 Sabi niya, “Bantayan lang natin kung anong mangyayari. Dalhin mo uli siya rito nang ilang buwan, mga dalawang buwan o parang ganoon.”

153 Dinala namin siya pabalik. Lumaki lalo ’yun, na mula sa pagiging walnut ay naging kasinglaki na ng limon. Sabi, “Mas mainam na matanggal ’yan; kung ’yan ay lalambot siyanga’t magiging malignant ’yan.”

154 Tapos sabi ko, “Buweno, naku,” sabi ko, “kami’y—kami’y pupunta pa naman sa Tucson. Isinugo ako ng Panginoon na pumunta sa Tucson.”

155 Iniskedyul niya ang maybahay ko sa isang espesyalistang pambabae; ayaw niyang siya ang mag-oopera mismo. Mangyari na nabanggit niya sa espesyalista ang tungkol sa pagmiministeryo ko, dahil siya . . . Ang sabi nung espesyalistang pambabae, “Kinakailangan itong maalis.” Kaya ang sabi nito . . . Nabanggit namin sa kanya na magpupunta kami ng—ng Tucson. Sabi niya, “Buweno, mayroon akong espesyalista roon, isang mabuti kong kaibigan. Dati kasi akong nakatira rin sa Tucson.” Sabi niya, “Ipadala ko kayo sa kanya.”

156 Kaya nagsulat siya ng isang liham at ipinadala ’yun sa espesyalista, at ang sabi, “si Gng. Branham ay isang mainam

na binibini,” at ganoon ang pagkakasabi. Sabi...Ipinadala sa kanya 'yung diagram kung gaanong kalaki na noon ang tumor na 'yun, at iba pa. Naging tumor na nga 'yun noon; at binanggit dun kung gaanong kalaki na 'yun. At ang sabi, “Alam ko...” Alam n'yo, alam niya na siya...Sa tingin ko ang akala niya, haya't ang tawag niya sa akin ay isang “Makalangit na tagapagpagaling.” Yun lang 'yung abot ng kanyang nalalaman kung paano 'yun sabihin. Pero ang sabi, “Sumasang-ayon ako na—na kailangan na maaari itong lumabas, at kailangan nga mismo. Kung kailangan itong alisin, dapat nang alisin.”

¹⁵⁷ Pero 'yun nga'y pagsubok sa aming pananampalataya. At walang patid kaming nanalangin. At sa pag-igting pa namin sa pananalangin, mas lalong lumalaki 'yung tumor, na anupa't umabot na sa punto na umuumbok na 'yun sa kanyang tagiliran. Hindi namin 'yun pinagsabi; kakaunting tao lang dito ang nakakaalam tungkol dun noon; nakaantabay lang kami sa kung anong mangyayari. Anupa't ganoon at ganoon pa rin 'yun.

Sa wakas, noong dumating ako mula Canada, mula sa pinanggalingan ko...

¹⁵⁸ Ibinunsod ng Panginoon na akayin ko ang tribo na 'yun ng mga Indian tungo kay Cristo. Ako nga'y babalik para bautismuhan sila, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, itong Tagsibol na, loobin ng Panginoon.

¹⁵⁹ Ngayon, dumating nga't, iskedyul na niya noon na magpaopera, haya't nasa New York ako noon...o dito para magpasailalim sa isa na namang opera...magpa-opera, o magpasuri sa huling pagkakataon. Nagtungo ako noon sa New York. At noong pagbalik ko, humimpil muna ako rito, tapos nagtungo na...Pagkatapos nung pagtitipon ko rito, 'yung huling pagtitipon, nagtungo ako roon at tinawagan siya mula kina Kapatid na Wood.

¹⁶⁰ Tapos ang sabi ng maybahay ko, “Bill, hindi ako makatayo na 'yung damit ko'y hindi dadampi dun.” Talagang nakausli na po nang husto *rito* sa kanyang tagiliran noong panahon na 'yun. At 'yung binti niya sa tagiliran na 'yun, paika-ika na siya, at 'yun ang pinaka kalunus-lunos na sanlinggo na mayroon siya. Ngayon nakaupo siya riyan, nakikinig sa akin. Ang pinaka kalunus-lunos na sanlinggo na dinanas niya kahit kailan. Tapos ang sabi niya, “Kinakailangan kong magpunta, sa susunod na araw pagkatapos ng bukas, para sa pagpapasuri.”

¹⁶¹ Sa isip-isip ko, “Oh Diyos, kung ooperahan nila 'yun, hindi na kami makakauwi nang Pasko, at nabanggit ko na sa mga tao na kami'y paroroon.” Tapos sabi ko, “Tiyumempo pa! Oh, naku!” Naisip ko.

¹⁶² “Sabihin mo sa espesyalista, kung ooperahan ka niya, buweno, 'Ipagpaliban muna nang kaunti pa, hanggang sa matapos ang Pasko.’”

163 Tapos bigla kong naisip, “Baka malignant na.” At doon sa bahaging ’yun *dito*, alam n’yo, napakasama nun, kung tutubo’t aabot sa bato. Kung diretso mismo’t, magiging malignant, maaari kang patayin nun. Kaya naisip ko, “Ano kayang puwede kong gawin?”

Tapos sabi ni Meda, “Buweno, ngayon, tawagan mo ako,” sabi.

164 Noong araw na nagtungo ako sa Shreveport, na araw pagkatapos nun, noong makarating ako ng Shreveport, siya’y sasailalim na noon sa pagsusuri. At kaya nagtungo na siya sa . . . Sasamahan siya ni Gng. Norman, ni Kapatid na babaing Norman; lahat kayo’y kilala n’yo siya, kayo na mga regular na dumadalo rito sa Tabernakulo. Siya nga ang sumama sa kanya, at sa espesyalista. At mangyari’t ang sabi niya, “Hintayin mo na lang hanggang sa maidaos mo ang una mong gabi, sa—sa . . . at pagkatapos tumawag ka uli.” Dahil, ang diperensya sa oras, ay mga dalawang oras. “Pagkatapos nga’y tawagan mo ako kapag tapos ka na, pagkatapos ng pagtitipon, sasabihin ko sa’yo kung anong kailangan mong gawin.”

Tapos sabi ko, “Sige.” Kaya, humayo na ako.

165 At noong sumunod na araw, bago ako umalis, susunduin ko nga noon sina Billy at Loyce. Hayan sila na kapwa na nakaupo riyan at nandito. At sa tuwina . . .

166 Mayroon kaming lumang upuang-patungan diyan na binalutan ni Kapatid na Palmer para sa amin, dito hindi pa katagalan, at lagi kaming nagkakatipon sa palibot nung upuang-patungan na ’yun at nananalangin, sa tuwing kami’y . . . Oh, Ottoman po, parang, alam n’yo, patungan ng paa. Sa tuwing kami’y magtitipon sa palibot nun at mananalangin, kapag ako’y bibiyahe para sa isang pagtitipon, na kami’y humihiling sa Diyos na tulungan kami.

167 At ako’y naroon, nang dalawang araw na, at ako’y—ako’y nangungulila. Ang bahay; wala ang mga bata, at wala siya. Alam n’yo, marami sa inyo ang nakakaalam ng pinagdaanan ko noong panahon na ’yun, na uuwi sa isang bahay na walang laman; mangyari nga, na inililing ko ang maybahay ko noon, na si Hope. At ngayon parang ganoon uli ang pakiramdam. At ako’y lumuhod dun, sa isip-isip ko, “Buweno, mananalangin ako at pagkatapos ay susunduin ko sina Billy at Loyce, at pupunta na.”

168 Kaya noong luluhod na ako roon para manalangin, ang sabi ko, “Panginoon, nami-miss ko sila sa umagang ito, sa dako rito.” Sabi ko, “Dalangin ko na Iyong lilingapin sila at pagpapalain sila. Nawa makabalik kami sa dakong ito muli. At ngayon,” sabi ko, “naroon sila dahil ipinadala Mo po ako roon sa pamamagitan ng isang pangitain, at Iyong tinupad ito. Ngayon gusto kong maghintay, para makita kung ano ang Iyong sasabihin sa akin na gagawin kasunod.” Sabi ko, “Dalangin ko . . . Iyo pong

kahabagan siya.” Tapos sabi ko, “Iyo pong tulungan ako sa pagtitipon na ’yun doon.” At pagkatapos aking... Sabi ko, “Panginoon, huwag nawa itong maging malignant. At ibunsod ang doktor na ’yun na maghintay hanggang sa dumating ang unang araw ng taon, para alisin ’yun. Di ko—di ko lang po maatim na makita siya...”

¹⁶⁹ Sabi ko, “Panginoon, hindi niya sinasadya ang bagay na ginawa niya noong umaga na ’yun. Hindi niya po sinasadya.” Sabi ko, “Panginoon, ni isa pong beses ay hindi siya nagsalita ng anumang masama tungkol sa aking mga paghahayo sa mga pagtitipon, na mawala ng ilang buwan, o kung ano man. Wala ni isang beses na ibinuka niya ang kanyang bibig tungkol dun. Lagi niya pong ipinapadala ang aking mga amerikana sa labahang de seko, at nilalabahan ang aking mga kamiseta, at inihahanda ang lahat para sa pagpunta ko sa pagtitipon. Pagkatapos, siya’y nag-iisip pa rin mismo kung papaano niya mas mapaglilingkuran ang Diyos.”

¹⁷⁰ Kayo na mga kababaihan, sa inyong paglilingkod sa inyong asawang lalaki, pinaglilingkuran n’yo ang Diyos, siyanga.

¹⁷¹ “At ngayon, at pagkatapos kapag ako nga’y dumarating, na talagang pagod at pagal na pagal, may mga tao pa na bumibisita mula sa lahat ng dako. Pagkatapos tutungo pa ako sa kung saan sa isang biyahe ng pangingsda, o sa isang biyahe ng pangangaso. Aba, maraming kababaihan ang siguradong nagalit na dahil dun. Pero ano ang ginagawa niya? Inihahanda pa nga ang aking mga damit para sa pangangaso nang ako ay makapunta na; pinapayagan akong pumunta.” Sabi ko, “Panginoon, hindi niya ’yun sinasadya.” Tapos sabi ko, “Kinailangan niyang mahiwa sa operasyon nang tatlong beses, dahil sa kanyang panganganak nang caesarean.” Tapos sabi ko aking... “Panginoon, ayaw ko—ayaw ko na pong makita siya na sasailalim uli sa ganoon.”

¹⁷² At pagkatapos lang nun ay nakarinig ako ng kung ano sa silid. Tiningnan ko. At may isang Tinig na nagsalita, “Tumayo ka.” Sabi, “Ngayon anuman ang sabihin mo, sa ganoong paraan ’yun mangyayari.”

¹⁷³ Naghintay ako nang ilang saglit. Sabi ko, “Bago pa siya lapatan ng kamay ng doktor, tatanggalin mismo ng kamay ng Diyos ang tumor na ’yun, at hindi na ’yun makikita pa.”

¹⁷⁴ Yun na ’yun, sa akin. Hindi ko na siya tinawagan. Humayo na kami’t, nagtungo at sinundo sina Billy at Loyce, at nagpunta sa Shreveport.

¹⁷⁵ Noong sumunod na gabi ay tinawagan ko siya. Tuwang—tuwa siya. Sabi niya, “Bill, gusto kong sabihin sa iyo!”

¹⁷⁶ Ngayon narito po siya, at maaari niyang patotohanan sa inyo ’yan. Kinailangan niyang magpaika-ika roon; pumasok sa silid kasama ang nars at si Gng. Norman, at pinagsuot ng damit para sa...damit pang-opera, para masuri. Nagtungo na roon ang

doktor, at halos hindi siya makasampa roon sa mesang operahan; nakausli 'yung tumor, napakalaki. At noong siya'y . . . Pumasok ang doktor at nakikipag-usap sa kanya. At bumaling doon ang doktor, para iangat ang takip para hawakan sana siya, at, bago mismo siya hawakan nung doktor, ang tumor nga'y nawala.

¹⁷⁷ At hindi tuloy malaman nung doktor kung saang tagiliran ba 'yun. Ang sabi niya, "Sandali lang!" Doon sa mga iginuhit na diagram at lahat ng mga larawan, at lahat na mismo, haya't hindi siya makahagilap ng anumang bakas nun. Kanyang sinuri siya, nang paulit-ulit. Sabi niya, "Hindi ko kayang ipaliwanag ito, pero, Gng. Branham, wala na roon ang tumor." At wala na siyang naranasan na anumang sintomas nun, mula noon.

¹⁷⁸ Ano 'yun? Pansinin n'yo, ganoon na ganoon mismo sa sinabi Nito, "Bago pa ito mahawakan ng kamay ng doktor." Kalahating segundo na lang, at 'yung kamay niya'y dadampi na sana roon. Ganoon na lamang kasakdal ang Salita ng Panginoon!

¹⁷⁹ Ngayon, hayan ang maybahay ko, at kami'y kapwa nasa harap ng Diyos. Anupa't bago pa mahawakan ng kamay ng doktor ang kanyang katawan, papahawak na sana na tulad nun, haya't may bagay na nangyari, umalis ang tumor. At hindi nila, sabi niya—sabi niya . . . sa palagay ko nga, hindi ba, mahal ko? "Nais kong tiyakin 'yung muli sa iyo, Gng. Branham," (Tama ba, ganoon ba ang pagkakasabi niya roon? Tama.) "na 'yung tumor na 'yun ay wala na roon. Wala ka nang anumang tumor."

¹⁸⁰ Ano 'yun? Sadyang eksakto mismo sa Salita ng Panginoon, 'yun nga'y . . . ? . . . Amen. Yun ang ikalimang pagkakataon. Ang bilang na lima ay bilang ng biyaya, bilang din ng p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a, siyanga.

¹⁸¹ Wala nang alinlangan sa isip ko. Natatalos ko kung ano mismo ang Ikatlong Hatak, at alam ko kung anong ginagawa nito. Ngayon magpitagan kayo, manatili lamang na taimtim, ang oras ay malapit nang dumating kung saan ang Diyos ay gagawa ng ilang makapangyarihang mga bagay para sa atin.

Ngayon iyuko natin ang ating mga ulo para sa pagdulog na pananalangin.

¹⁸² Panginoong Jesus, nasaksihan ko ito sa ibang mga tao, pero noong dumating ito sa sarili kong minamahal na asawa, ito po'y sa tahanan ko, mangyari nga, Panginoon. Nakita ko ito mismo ng sarili kong mga mata, naramdaman ng sarili kong mga kamay. At ako . . . labing- . . . labing-anim na taon bago 'yun, mangyari rin, Panginoon, na ipinaalam ito't inihayag Mo mismo. Kapag may bagay na bibigkasin, ito'y siguradong mapangyayari. Ipinapakita mo sa akin, Panginoon, siyanga, 'yun, na pagtitiwala ko sa bagay na Iyong ginawa para sa mga tao, at sa aki'y ipinapaalam, para sila'y matulungan ko. Iyo pong ipinangyari ito sa sarili kong tahanan. Yun ang Unang Hatak. At ngayon ang Ikatlong Hatak ay nagpapatibay mismo sa Unang Hatak.

183 Kami po'y nagpapasalamat nang lubos, Ama. Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkukulang. Kami'y mumunting mga tao lamang. Kami'y hindi edukado, kung tutuusin pa nga, mga taong walang pinag-aralan. Pero kami'y lubos na nagpapasalamat na mayroon kaming dakila't makapangyarihan sa lahat na Diyos na Siyang nagbabantay sa amin at nangangalaga para sa amin, dahil hindi namin alam kung paano alagaan ang aming mga sarili. Amin pong itinatagubilin ang aming mga sarili sa Iyo.

184 Ngayon, Ama, dalangin ko na Iyo pong tulungan ako. At sa Ikatlong Hatak na ito, nawa, Oh Panginoon, noon pa ma'y nangungusap Ka na po tungkol dito sa huling dalawang taon na, na ipinapakita ito sa . . . na nag-iiwan Ka ng palatandaan sa mga bundok, at kung ano pa, at ibinubunsod 'yun. Ngayon, akin pong inaantabayanan para makita kung ano ito hanggang sa ganap itong mapagtibay. Ngayon dalangin ko, Ama, na Iyong tulungan po ako na maging mas mapitagan pa, ukol dito, kaysa sa noon, at nawa'y mauwi sa Iyo ang kaluwalhatian. Hayan nga, dito sa ibabaw ng siya ring pulpito, kung saan ang Una'y sinaysay, ang Ikalawa, at ngayon ay ang Ikatlo, at ang bagay na Iyong sinalita ay nangyari mismo nang eksakto sa pagkakasabi Mo. Kami'y sumasampalataya sa Iyo, Panginoong Diyos.

185 Iyo pong tulungan ang bawat isa na iwaksi ang aming dipananampalataya at aming mga pamahin, nang sa gayon ay makatayo kami sa Presensya ng buhay na Diyos, na nababatid 'yun, na ang siya ring Diyos na nag-alis nung tumor mula sa aking asawa na nakaupo rito ngayon; binerepika ng ilan sa pinaka mataas na siyensiyang medikal na mayroon kami sa bansang ito, na sumuri dun, at pagkatapos ay tiningnan, at nilitratan pa; at ngayon ito nga'y wala na. Ikaw po'y Diyos at walang iba maliban sa Iyo.

186 At amin Kang iniibig dahil Iyong ibinunsod—Iyong ibinunsod na kami'y maging Iyong mga lingkod. At nawa'y mapaglingkuran Ka namin na may pagpipitagan at pagpaparangal, sa lahat ng mga araw ng aming buhay. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y magawa ko, at ng aking pamilya, at ng lahat ng mga tao rito, na maging nagliliwanag na mga Liwanag, maaalat na asin na mag- . . . magbubunsod ng kauhawan sa iba, para ibigin ang Jesus na ito na gumawa nang sobra-sobra para sa amin.

187 Ngayon sa pagbubukas ko ng Salita, para basahin Ito para sa munting teksto, at pagkatapos ay mananalangin para sa mga maysakit, Iyo pong tulungan ako, Panginoon. Ikaw po'y mangusap sa amin, at pagalingin ang mga maysakit, sa Pangalan ni Jesus ay amin itong idinadalangin. Amen.

188 Maaari n'yo bang, mayroon pa ba akong oras sa isang . . . ? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige't kung bibilisan

ko...may ilang teksto ako rito, na nais kong basahin n'yo ngayon, o markahan, o anuman ang nais n'yong gawin. Ang una po'y makikita sa Aklat ng Mga Bilang, 21:5 hanggang 19, at nais natin na—na basahin ito:

At ang bayan ay nagsalita laban sa Dios, at laban kay Moises, Bakit ninyo kami pinasampa mula sa Egipto upang mamatay sa ilang? sapagka't walang tinapay, at walang tubig; at ang aming mga kaluluwa ay nasususuya na sa tinapay na ito, pagkain ng mga Anghel.

At ang PANGINOON ay nagsugo ng mababangis na ahas sa gitna ng bayan, at kanilang kinagat ang bayan; at maraming tao sa Israel ay namatay. At ang Panginoon . . .

At ang bayan ay naparoon kay Moises, at nagsabi, . . .

¹⁸⁹ Pag-amin! Masdan, “Kami’y nagkasala!” Kita n’yo, ’yan ang unang bagay para sa kagalingan, ang una’y pag-amin.

. . . Kami ay nagkasala, sapagka't kami ay nagsalita laban sa PANGINOON, at laban sa iyo; idalangin mo sa PANGINOON, na kaniya nawang alisin sa amin ang mga ahas. At idinalangin ni Moises ang bayan.

At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Gumawa ka ng isang mabagsik na ahas, at ipatong mo sa isang tikin: na mangyayari 'yun, ito'y—ito'y mangyayari, na bawa't taong makagat, kapag tumingin doon, ay mabubuhay.

At si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin, at nangyari, na kapag may nakagat ng ahas, sa kanyang pagtingin sa ahas na tanso, ay siya'y nabubuhay.

¹⁹⁰ Ngayon, ganoon din, nais kong magbasa ng isang Kasulatan mula sa Zacarias, sa ika-12 kabanata, sa ika-10 talata.

At aking bubuhusan ang sangbahayan ni David, at ang mga mananahan sa Jerusalem, ng espiritu ng biyaya at ng daing: at sila'y magsisitingin sa akin na kanilang pinalagpasan, at kanilang tatangisan siya, na gaya ng pagtongis sa bugtong na anak, at magiging kapanglawan sa kaniya, na parang kapanglawan sa kaniyang panganay.

¹⁹¹ Ngayon para sa isang teksto, aking kukunin ito: *Ibaling Ang Paningin Patungo Kay Jesus*. Ilayo n'yo ang inyong tingin sa mundo, ituon ito kay Jesus. Si Moises ay gumawa ng ahas; at heto ang propeta, pagkatapos, na ipinapangusap ang tungkol dito, kung anong mangyayari, sa pagbaling nila ng paningin patungo kay—kay Jesus.

¹⁹² Ang sabi ng Biblia, sa Isaias 45:22. Masusumpungan natin dito na sinabi ng Diyos, “Kayo’y magsitingin sa Akin, lahat na taga-wakas ng lupa.” At ngayon kapag ang mundo’y sumapit

na sa kawakasan nito, o ang sistema ng mundo'y sasapit na sa kawakasan nito, haya't ibunsod mismo ang mga tao na tumuon sa Kanya.

¹⁹³ Ngayon marahil sasabihin n'yo, "Naririnig na namin ito, henerasyon at mga henerasyon na. Matagal na naming naririnig ito." Totoo, at ito'y ipinapangaral na nang matagal na panahon. Maraming mga ministro ang tumalakay na sa parehong teksto na ito, libo-libo sila.

¹⁹⁴ Pero heto ang isang bagay na nais kong itanong sa inyo, ngayong gabi, para sa susunod na ilang mga minuto. Anupa't kung kayo'y titingin, ang tanong nga ay—ay, ano naman ang nakikita n'yo kapag kayo'y tumitingin? Ano ang nakikita n'yo kapag kayo'y tumitingin? Nakadepende 'yan sa kung ano ang pinagtutuunan mo. Kita n'yo? Ngayon ang sabi Niya, "Kayo'y magsitingin sa Akin, lahat na taga-wakas ng lupa." Itinaas ni Moises ang ahas, at, sinuman ang tumingin doon, ay gumaling. Ngayon, nakasalalay nga 'yan sa kung ano ang hinahanap n'yo.

¹⁹⁵ Nakakita na ako ng mga tao na pumupunta sa mga pagtitipon, sa huling araw na ito, haya't isa o dalawang minuto lang ang kaya nilang tiisin na maupo sa pagtitipon. Yun lang ang kaya nilang tagalan. Kita n'yo, hindi nila 'yun matagalan.

¹⁹⁶ Hindi ko nga makakalimutan, umaasa ako na hindi ito magpahiwatig ng kung ano sa sinuman mula sa Iowa, noong ako'y nagdaos ng pagtitipon doon sa Waterloo.

¹⁹⁷ Si Kapatid na Lee Vayle, nandito siya kaninang umaga. Hindi ko lang alam kung nandito ba siya ngayon o wala. Nandito ka ba, Lee? Nandito siya kaninang umaga. Oo, nandiyan pala sa mga nagrerekord, diyan sa likod. Sige.

¹⁹⁸ Si Kapatid na Lee at ako'y ginawa namin ang lahat ng makakaya namin. Haya't nagpakain ng agahan sa asosasyon ng mga ministro, nang libre, para makadako roon at makapangusap sa kanila. Si Kapatid na Lee Vayle, siyanga't, isa siyang iskolar at—at isang Doktor ng Dibinidad, na pinaghirapan niya talagang makuha itong digri niya. At mangyari nga na sinubukan kong pagsalitain siya sa harap ng mga Lutheran dun, sa mga Presbyterian, at iba pa, pero ang sabi niya, "Hindi, ikaw ang hinihintay nila na mangusap."

¹⁹⁹ Buweno, nagtungo ako roon at kinuha ko ang teksto ko, sa harap ng mga ministro, matapos na sila'y makakain na. Kinuha ko ang teksto ko: *Ako'y Hindi Naging Masuwayin Sa Makalangit Na Pangitain*. Hindi ko pa nga nababasa ang Kasulatan, may dalawa na nagpalinga ng tingin, tapos direktso sa pintuan palabas ang punta. Pagkatapos nun noong sinisimulan ko nang sabihin, "Gaya ni Pablo noong panahon niya, na may kakaibang pagmiministryo, at ngayon siya'y nakatayo sa harapan ni Agripa at sinabi niya na hindi siya masuwayin ukol dun," haya't may dalawa o tatlo pa ang tumayo. At noong

dumako na ako sa punto na mangungusap na ako tungkol sa teksto, mga nasa tatlo o apat na lang ang nakaupo roon. Lahat sila'y nagsitayuan na't umalis.

²⁰⁰ Ang dahilan nga nito, ay, ganito. May ilan na nagpupunta sa isang pagtitipon, kapag narinig nila ang tungkol sa isang ebanghelista, 'yung paraan ng pananamit niya ay may kinalaman sa impresyon ng mga tao. Kung hindi siya magsusuot ng tamang uri ng pananamit, ang ilan sa kanila . . .

²⁰¹ Narinig ko ang isang—isang sikologo na nagsabi, noong isang araw; si Doktor Narramore, isang mainam na lalaki, isang Cristianong lalaki, ang programa niya'y nagsasahimpapawid doon sa KAIR, nang regular. Sabi niya, “Ang paraan para masabi na ang isang tao'y nawawala sa katinuan ng kanyang pag-iisip, ay kapag hindi siya nananamit ayon sa kanyang disposisyon.” Alam n'yo, 'yung kung papaano ba siya haharap sa publiko, 'yun daw ang senyales na ang tao'y nawawala sa katinuan niya.

²⁰² Buweno, kung ganoon, ako pala'y baliw buong buhay ko, kita n'yo, dahil ako'y nagsusuot ng overall at lahat nun, kita n'yo. Kung ganoon, para umayon sa posisyon ko, kinakailangan ko palang manamit na parang isang ministro, sa madaling sabi, para—para matawag na ministro.

²⁰³ Sa palagay ko'y hindi naman nanamit si Jesus na parang isang ministro. Ang pananamit niya'y kagaya sa isang ordinaryong tao. Siya'y nakisama mismo sa kalagitnaan ng tao, at wala 'yung kinalaman sa pananamit.

²⁰⁴ Pero ganyan nga mismo, kita n'yo, ang pamamaraan ng mga kaisipang pantao. Hindi naman . . . Papaano kaya kung ang taong ito, o, haya't iniisip ko nga kung anong iisipin nung doktor tungkol dito, noong may propeta sa Biblia na inatasan na maghubad ng kanyang damit at maglakad na hubad sa harap ng mga tao? Siya'y tatawagin mismong baliw, hindi po ba? Pero sinabi sa kanya ng Diyos na gawin 'yun.

²⁰⁵ May isa pa nga na kinailangan na humiga sa kanyang tagiliran nang tatlong daan at apatnapung buwan, sa palagay ko nga, humiga sa kanyang tagiliran, sa isang tagiliran; at pagkatapos ay bumaling naman sa kabilang tagiliran. At kumain ng sangpalayok na lentahas na kanyang niluto roon; kinailangan niyang magtungo roon at pakuluan 'yun at paghalu-haluin 'yun, na mahalo, at 'yun at 'yun lang ang kakainin; aabot doon at kukuha ng sangdakot at kakainin, na nakahiga sa kanyang tagiliran, bilang isang tanda. Kita n'yo?

²⁰⁶ Oh, ganoon na lamang na nalalayo nang husto ang mga tao, talaga, sa Salita ng Diyos. Sila'y nagiging sobrang edukado na ineeduka nila ang kanilang sarili palayo sa Diyos. Kapag may isang tao na sasabihin niya na may edukasyon siya, alam ko na ganoon na siya kalayo mula sa Diyos; kita n'yo, isang digri ng

pagkadoktor. Hindi ko sinasabi ito laban kay Doktor Vayle, dahil hindi siya ganoong uri. Pero, kadalasan, kapag ang isang tao'y magkakamit ng digri ng pagkadoktor, ang ibig sabihin nga nun, para sa akin, ay siya'y nalalayo nang husto mula sa Diyos, kita n'yo, maliban na magawa niyang panatilihin ang kanyang sarili sa Salita at sa Diyos.

²⁰⁷ Ngayon, nalalaman natin na may iba na pumupunta lang para pakinggan ang pamamaraan ng pagsasalita mo, kapag sila'y magpupunta't magmamasid. Kapag mangungusap ka tungkol sa Makalangit na pagpapagaling at tungkol sa Panginoon; kung ang isang tao na 'yun ay hindi tipikal, na edukadong matalino, hindi nga maatim nung mga tao 'yung paggamit niya ng mga salita na gaya ng "his'n, hain't," at—at mga salita na gaya ng. . . Hindi nga nila. . . Inaayawan nila. Iniisip nila na malayong-malayo 'yun sa Diyos.

²⁰⁸ At samantalang si Jesus ay nagsalita sa sadyang simpleng wika mismo, hanggang sa, panahon ngayon, ang mga propesor ay nalilito ukol dun, dahil sinisikap nilang ipaliwanag 'yun ayon sa kanilang pagka-iskolar at lingguwahe sa panahon na 'yun, at salitang kalye nga 'yun. Kaya naman. . .

²⁰⁹ Aba, ganoon na lamang kalaki ang diperensya maging dito sa ating Estados Unidos! Tumawag ako mula sa Florida, pa-New York, at kinailangan pa na magpatulong sa isang babae rito, rin, sa St. Louis, para isalin 'yung pananalita ng binibining ito na taga-timog at nung binibining taga-hilaga. Ganoon nga mismong kalaki ang diperensya roon. Kita n'yo? Ganoon nga.

²¹⁰ Ngayon ang problema nga dun, ang mga tao'y tumitingin sa mga bagay na ganoon, sa mga pananalita, sa halip na ang Salita. Ang Salita na nahayag ay ang ebidensya na Ito'y tama. Kita n'yo, ang Salita na mahayag! Hinding-hindi nila Yun pagtutuunan. Kinakailangan mo raw magkamit ng intelektuwal na pag-iisip, para masabing may alam ka, na kailangan mo raw pumasok sa seminaryo at aralin kung papaano yumuko, papaano tumayo sa isang lugar, at lahat na. Oh, talagang sasakalin nun ang isang ministro, hanggang mamatay, na isang tunay na puspos ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Ngayon, intelektuwal lang 'yun.

²¹¹ At sa ganoong paraan nasadlak ang buong bansang ito. Ang taglay nito'y intelektuwal lang na kaisipan ukol kay Cristo. Doon sa bagay na 'yun sila nakatingin. "At kung si Cristo raw ay nasa inyo, kinakailangan mong maging isang iskolar, kinakailangan mong maging isang intelektuwal," dahil ganoon ang kaisipan nila kung ano si Cristo.

²¹² At noong isang beses, isa pang bagay ito, sila nga'y bumubuo ng sarili nilang opinyon kung ano raw ba Siya, na kanilang sariling hinuha, sa halip na kunin kung ano ang sinabi ng Salita. Sa ganoong paraan sila nakatingin, at kahit na sila'y tumingin pa Mismo kay Jesus, bigo sila na makilala Siya. Ginawa nila 'yun

noong Araw ng Pentecostes. Ginawa nila 'yun noong Ito'y nasa laman. Ginawa nila 'yun noong Siya'y nasa sabsaban. Ginawa nila 'yun noong Siya'y nasa kalsada ng Jerusalem. Ginawa nila 'yun noong Siya'y nasa krus. At Siya ang kaganapan ng Salitang 'yun. At, sa kabila nun, ang hinuha nila na ang Mesiyas ay bababa sa isang pasilyo ng Langit, at lahat, ay haya't mali, dahil sarili lang nila 'yun na intelektuwal na kaisipan. At nabigo sila na makita Siya, at, gayong nakatingin na nga sila sa Kanya. Ganoon nga 'yun maging sa panahon ngayon!

213 Anong nakikita n'yo kapag kayo'y titingin? Ang iba'y titingin para makita, na kapag titingin sila sa Kanya, ang inaasahan nilang makita ay kung anong bantog na intelektuwal na tagapagtatag ng iglesya, isang tao na talagang makakagawa ng kredo na magbubunsod sa lahat ng mga tao na mahikayat sa kredo na 'yun, o kung ano. Ganoon ang hinahanap nila kapag tumitingin sila sa Kanya.

214 Ang iba'y inaasam na ang makikita nila'y isang katha-katha lang, na parang Santa Claus, kapag sila'y titingin. Magbabasa sila ng Biblia, at sasabihin, "Ah, katha-katha lang ito. Isang bagay lang ito na isinulat ng tao. Ano ba 'yang, sila, dahil noong sila'y . . ." Kung anumang opinyon na pinanghahawakan mo ukol sa Biblia, ay 'yun ang tingin mo ukol sa Kanya. Kita n'yo?

215 Ang iba'y umaasa na ang makikita'y isang sanggol. Ang iba'y tumitingin at ang gustong makita ay isang—isang kuneho o isang Santa Claus. Ang ilan ay tumitingin na ang nakikita ay isang aklat ng kasaysayan na nakaraan na't hindi na para sa panahon ngayon.

Pero, ang tanong mismo, ano ang nakikita n'yo kapag kayo'y tumitingin?

216 Napakarami sa inyo, na nag-aangkin na taglay ang Espiritu Santo, ay tumitingin at ang nakikita ay ikalawang persona sa trinidad. Samantalang, ang bagay na 'yan ay hindi nga nabanggit sa Biblia. Walang ganyang bagay. Ang salitang trinidad ay wala man lang maging sa mga pabalat ng Biblia. Pero, sa kabila n'yan, kapag kayo'y tumitingin kay Jesus, ang tingin n'yo sa Kanya ay yaong ikatlo o ikalawang persona sa isang trinidad, at 'yan ang dahilan kung bakit hindi kayo makausad-usad.

217 Alam n'yo ba kung anong sinabi Niya? "Ako ang Diyos, at wala nang iba maliban sa Akin." Kita n'yo?

218 Nakasalalay nga sa kung ano ang tinitingnan n'yo. Kung ang nais n'yo ay maglagay ng kung anong munting mascot, ng isang matandang lalaki na may balbas, at kung ano pa; na kung ganyan ang tingin n'yo kay Jesus na kung anong ibang persona na iba sa Diyos, mali ang pagkakatingin n'yo. Hindi n'yo Ito nakikita.

219 Dito di pa katagalan, mayroon akong pares ng largabista. Sinusubukan ko noong magmatyag ng mga usa, o ng isang usa sa

parang. At sinusubukang ipakita 'yun sa akin ng anak ko, at siya nga'y medyo bata pa noon. Kaya ang sabi niya, "Gamitin mo po ang largabistang ito, daddy! May nakatayong usa, sa dako roon sa malayo!"

Sabi ko, "Nakikita ko naman siya sa natural kong mata."

Sabi niya, "Gamitin mo po ang largabistang ito."

²²⁰ Noong sumilip ako roon, ang nakita ko'y nasa sampung usa, anupa't ang largabista'y wala pala sa pagkaka-pokus. At noong ipokus ko na ang mga 'yun, 'yung lahat ng sampu na 'yun ay naging isa.

²²¹ At kung ipokus n'yo ang inyong isip sa Salita ng Diyos, ang tatlo'y magiging Isa. Kita n'yo? Anupa't ang eklesiyastikal n'yong mga largabista'y wala sa pagkakapokus kapag ginagawa n'yong tatlo Siya. Siya'y isa lang. Kita n'yo?

²²² Siyanga't nakadepende 'yan sa kung ano ang tinitingnan n'yo. Ano ang nakikita n'yo kapag kayo'y tumitingin? Alalahanin n'yo, makikita n'yo lamang Siya sa pagtuon n'yo mismo sa Kanya sa pamamagitan ng Salita. Hindi n'yo Siya makikita sa pamamagitan ng isang pampaaralang-aklat. Hindi n'yo Siya makikita sa pamamagitan ng isang kredo. Ang makikita n'yo ay dalawa o tatlong diyos, at kung ano pa, sa mga kredo na 'yan. Pero kayo nga'y tumuon sa Kanya sa pamamagitan ng Salita, at makikita n'yo na Siya ay "*Emmanuel*, 'Diyos na nagsalaman sa kalagitnaan natin.'" Ang sabi Niya, "Ako ang Diyos, at wala nang iba pa maliban sa Akin." Siya ay Diyos.

²²³ Tumingin isang beses si Isaias, ang propeta, at nang makita niya si Jesus. . . Ang paksa ko ay, "tumingin kay Jesus." *Ibaling Ang Paningin Patungo Kay Jesus*. Noong alisin ni Isaias ang tingin niya mula sa mundo, para tumuon sa Kanya, ang sabi niya, "Ang nakikita ko'y isang Tagapayo, isang Pangulo ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama." Yun ang pinagtuunan ni Isaias at nakita.

²²⁴ Si Daniel, isang beses, siya'y nakatayo noong makita niya ang—ang kawakasan ng mga kahariang Gentil. Nakita niya ang imahe na napanaginipan ni Nabucodonosor. Nakita niya kung papaanong ang bawat isa nun ay hahalili sa isa pa, sa pagdating ng mga 'yun. At noong tumuon siya para makita kung ano ang buong mangyayari sa wakas, noong makita niya si Jesus, si Jesus ay "isang Bato na tinapyas mula sa bundok, na di ginamitan ng mga kamay," na dumurog sa mga kahariang Gentil.

²²⁵ Ipinatapon noon ni Nabucodonosor sa nag-aapoy na hurno ang tatlong binatilyong Hebreo, na sumasampalataya sa Diyos at tumindig sa Kanyang Salita. Kung sila'y mamatay man dahil Dito, sila'y titindig at titindig, ano't anuman; kahit sa maliit na bagay pa, ng pagluhod lang ng kanilang tuhod sa ibang paraan. Pero noong siya'y bumaling ng paningin at nakita si Jesus, Siya

yaong “ikaapat na lalaki” na naroon sa loob ng nag-aapoy na hurno, at 'yun ang humadlang sa lahat ng init mula sa Kanyang masunuring mga lingkod. Yun ang nakita ni Nabucodonosor.

²²⁶ Si Ezekiel ay bumaling ng tingin para makita Siya isang araw, at Siya'y “isang Gulong sa gitna ng gulong,” doon sa itaas sa gitna ng himpapawid. Siya yaong Pusod ng gulong, kung saan ang bawat gabilya'y nakadugtong. Amen! Ang malaking gulong na 'yun ay pinaandar ng pananampalataya, pero yaong maliit na Gulong ay umiikot sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Panginoon. Yun ang Siyang nakita ni Ezekiel noong siya'y bumaling ng paningin.

²²⁷ Bumaling ng tingin si Juan Bautista isang araw, at, noong tumingin nga siya, nakakita siya ng isang Kalapati; at may isang Tinig, na nagsasabi, “Ito ang Aking sinisintang Anak na Siyang Aking kinalulugdan na panahanan.” Yun ang bagay na nakita niya. Pagkatapos, nakita niya si Jesus at Diyos na siya ring Persona, dahil ang Espiritu ay bumaba mula sa Langit na tulad sa isang Kalapati, na nagsasabi, “Ito ang Aking sinisintang Anak na Siyang kinalulugdan Kong panahanan.” Yun ang bagay na nakita niya. Pansinin n'yo, ipinakikilala Niya ang Kanyang Sarili sa ganoong paraan.

²²⁸ Si Noe, noong bumaling siya ng tingin para makita Siya, Nakita ni Noe ang nararapat na kahalutanan ng Diyos na dumarating sa mga tao ng sanlibutang ito na tumanggi sa Kanyang Salita. Yun ang sinabi ni Noe noong siya'y bumaling ng tingin.

²²⁹ Si Moises, noong siya'y bumaling ng tingin, nakita niya ang isang palumpon na nag-aapoy. Ibinunsod ng isang Haliging Apoy ang Sarili Nito pabalik sa isang palumpon, at, nang makalapit Dito si Moises, ang sabi Niya, “Hubarin mo ang iyong mga panyapak, dahil, ‘AKO NGA.’” Ngayon, kung titimbangin n'yo ang salita na 'yun, “AKO NGA,” ito'y pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap. “AKO NGA,” Walang Hanggan! Kita n'yo? “AKO NGA,” nakita niya ang “AKO NGA.” Yun ang nakita niya sa nag-aapoy na palumpon.

²³⁰ Tumingin ang Israel noon sa ahas na tanso na ginawa ni Moises, at nakita ang paghihirap ni Cristo para sa hatol para sa mga maysakit, dahil nalalaman natin na ang ipinapahiwatig ng ahas ay ang Katubusan.

²³¹ Si Jesus ang Katubusan na 'yun. “Habang itinataas ni Moises ang ahas na tanso sa ilang, ay ganoon din na ang Anak ng tao'y itataas,” para sa siya ring layunin. Kita n'yo? Bakit? Sila kasi'y nagkasala, at nagkasakit; 'yun ay para alisin ang kanilang mga pagkakasala at para sa kanilang mga karamdaman. At para 'yun dun, “Si Jesus ay sinugatan para sa ating mga pagsalangsang; sa Kanyang mga latay ay pinagaling tayo.” Kung aalisin n'yo ang Makalangit na pagpapagaling mula kay Cristo,

para na rin n'yong pinaghihiwalay sa kalahati ang Katubusan, na pinagiging di magkalakip. Kita n'yo?

²³² Ano ang nakikita n'yo sa Kanya kapag kayo'y tumitingin? Yun ba ang nakikita n'yo? Nakikita n'yo ba 'yun, "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang; sa Kanyang mga latay ay tayo'y pinagaling"? Kapag kayo'y babaling ng paningin, nakikita n'yo ba 'yun, o ang nakikita n'yo lang ay isang bahagi nung Katubusan? Nakikita n'yo ba ang magkabilang bahagi nun kapag kayo'y tumitingin?

Kung titingnan n'yo 'yun sa pamamagitan ng kredo, sasabihin nila sa inyo, "Ang mga araw ng pagpapagaling ay lipas na."

Pero kung titingnan n'yo 'yun sa pamamagitan ng Salita, makikita n'yo, "Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kita n'yo?

²³³ Ang mga alagad ay tumuon sa Kanya noong sila'y maparoon sa nagliligalig na karagatan, at nakita nila ang tanging saklolo na makasasagip sa kanila, na parating.

²³⁴ Tumingin sa Kanya si Marta sa panahon ng kamatayan, at nakita ni Marta na si Jesus "ang pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay." Amen! Sa panahon ng kamatayan, nakita ni Marta, noong siya'y tumingin sa Kanya. . . Siya'y tinanggihan nga ng mga kababayan ni Marta; Siya'y tinanggihan mismo; na anupa't, si Marta ay nagpasugo para sunduin Siya, at hindi Siya dumating para sa kapatid na lalaki nito. Pero noong sa wakas ay dumating Siya, at si Marta'y sumalubong at napaluhod nang sa gayon ay makatingin si Marta kay Jesus, nalaman niya na Siya pala'y kapwa "pagkabuhay na mag-uli at Buhay." Amen!

²³⁵ Ganoon din ang ginawa noon ni Jairo, na isang lihim na mananampalataya; isang munting Presbyterian, Methodist, Baptist, na tunay namang nananampalataya, pero hindi lang makakilos-kilos, dahil sa hindi siya papayagan ng kanyang denominasyon, dahil ititiwalag nila siya. Pero ang kanyang kaisa-isang anak na babae'y nararatay na nasa bingit na mismo ng kamatayan, at kinakailangang humayo ni Jairo. Pero noong masumpungan niya Siya, nalaman niya na si Jesus pala'y ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay.

²³⁶ Noong magpasugo siya para sunduin si Jesus, dumating 'yung isinugo at nagsabi, "Huwag n'yo na pong abalihin pa ang Guro, dahil ang dilag ay patay na." Siya. . . at ang munti niyang puso'y halos lumagapak.

²³⁷ Pero ang sabi ni Jesus, "Hindi ba't sinabi Ko, 'Kung ikaw lamang ay sasampalataya, ay makikita mo ang Kaluwalhatian ng Diyos?'" Nasumpungan ni Jairo na si Jesus ay nakakapagpabangon ng patay, noong siya'y tumingin kay Jesus.

238 Yaong mga gutom ay tumingin sa Kanya, at nakasumpong ng nakabubusog na pagkain para mabuhay. Yun nga'y sa natural. Ang mga gutom, sa espirituwal, ay makatutuon sa Kanya at masusumpungan na Siya ang Tinapay ng Buhay.

239 Ang naghihinalong kawatan noon ay bumaling para makita ang kanyang kayang makita, at siya'y nakasumpong, kay Jesus, ng kapatawaran. "Alalahanin Mo ako, Panginoon, sa Iyong pagdating sa Iyong Kaharian." Ang sabi ni Jesus, "Ngayon ay makakasama Kita sa paraiso." Yun ang bagay na nakita niya sa oras ng kanyang kamatayan.

240 Ang mga maysakit ay tumingin sa Kanya, at nakita ang Tagapagpagaling. Ang bulag ay tumingin, at nakakita.

Nakasalalay ito mismo sa kung ano ang pinagtutuunan n'yo ngayon. Ano bang pinagtutuunan n'yo?

241 Sina Pedro at Natanael ay tumingin, at nakita ang ipinangakong Salita ng kanilang propeta, si Moises, na nahayag. "Ang inyong Panginoong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta na katulad sa akin, at sa Kanya ay lalaking ang mga tao. At ang lahat ng di sasampalataya sa Kanya, at makikinig sa Propeta, ay iwawaglit mula sa bayan."

242 At noong lumakad si Pedro papalapit sa Kanyang Presensya, ang sabi ni Jesus, "Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jona." Napagkilala niya mismo roon, noong siya'y tumingin sa pinaka unang pagkakataon kay Jesus, na hayun ang kaganapan ng kung ano ang sinabi ng Salita ng Diyos kung ano nga ba Siya. Amen.

243 Iniisip ko nga kung masusumpungan n'yo ang siya ring bagay kapag kayo'y titingin sa Kanya sa unang pagkakataon? Iniisip ko nga kung ang ipinangakong Salita ay inihayag ang Sarili Nito sa inyo noong kayo'y tumingin sa Kanya?

244 Si Natanael, noong pagkalapit na pagkalapit niya sa Presensya ni Jesus, haya't may kaunti siyang duda. . . Nalaman natin na si Felipe'y pinuntahan siya't nagsabi sa kanya, "Halika, tingnan mo Siya na aming nasumpungan."

At nagpunta si Natanael, at ang sabi niya, "Sino Siya riyan?"

Sabi niya, "Marahil 'yung naroon na nananalangin para sa mga maysakit."

245 Isiniksik niya ang kanyang sarili sa madla hanggang sa makita niya Siya. At nang tumingin siya, sabi ni Jesus, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya."

Sabi niya, "Rabi, kailan Mo ako nakilala?"

246 Sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita."

247 Tapos ano ang nasumpungan ni Natanael? Nasumpungan niya na hayun nga ang Hari ng Israel. Sabi niya, "Ikaw ang Anak

ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel.” Yun ang bagay na nakita niya noong siya’y tumingin. Nakuha niya ang kapaliwanagan ng Kasulatan, na pinaging maliwanag mismo sa harapan niya. Nakita niya ito, ang siya ring Kasulatan na sinabi noon ng pinahirang propeta na si Moises, “Siya’y magiging isang Propeta tulad ko.”

²⁴⁸ Yung babae sa may balon, isang beses siya nagkaroon ng pagkakataon na tumingin, at ano ang nakita niya? Kanyang ipinamalita pa nga ’yun sa bayan. Sabi niya, “Halikayo, sumpungan n’yo ang isang Lalaki Na nagsaysay sa akin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi ba’t ito na mismo ang Mesiyas?” Noong makita niya sa unang pagtingin si Jesus Cristo, nakita niya ang Mesiyas.

²⁴⁹ Mangyari nga na ang mga tao’y titingnan ang siya ring bagay sa panahon ngayon, at babansagan Itong “pagbabasa ng isip.” Tatawagin nila Itong “espirituwalismo.” Babansagan nila Ito ng sari-saring maka-diyablong pangalan na mababansag nila Rito, dahil hindi nila napagkikilala ang tinitingnan nila. Amen. Hindi nila maunawaan. Nakatuon sila sa kredo. Nakatuon sila sa isang dalubhasa na magsasaayos ng iglesya. Nakatuon sila sa mas maraming mga miyembro, at nabigong makita ang pinagpalang Panginoong Jesus Cristo sa Kanyang napagkikilalang Salita. Tama.

²⁵⁰ Nakasalalay ito mismo sa kung anong pinagtutuunan n’yo. Kung ang pinagtutuunan n’yo ay ang kaganapan ng pangako para sa panahon na ito, ’yun ang makikita n’yo. Pero kung ang pinagtutuunan n’yo ay kung ano lang na pagka-intelektuwal, o bagay na lagi nilang hinahanap-hanap, na isang bantog na kung sinong tagapagtatag, kung sinong mananalaysay ng kasaysayan, kung sinong ibang personalidad, mabibigo kayo na makita Ito. Pero kung titingnan n’yo Siya sa pamamagitan ng Salita, idedeklara ng Salita kung Sino Siya mismo.

²⁵¹ Hinamon Niya ang mga tao noong kapanahunan Niya na gawin ang ganoon din. Hindi lang nila Siya makita-kita. Sabi Niya, “Kayo na mga bulag na umaakay sa mga bulag. Inaangkin n’yo na si Moises ay propeta n’yo. Kung nakikilala n’yo si Moises, makikilala n’yo sana Ako. Nagsulat si Moises tungkol sa Akin.” At sila’y ganoon na lamang katindi ang pagkabulag kaya hindi nila makita Ito. Nakatingin na mismo Rito, at ganoon na lamang ang pagkabulag para makita sana Ito.

²⁵² Isusugpong ko lang ’yung salitang “silaw,” na nabanggit ko kaninang umaga, pansumandali, kita n’yo. Ang mga tao’y nakatanaw, at hindi nalalaman kung ano ba ang kanilang tinatanaw, dahil maling kaisipan ang tinaglay nila ukol sa bagay na sinisikap sana nilang masumpungan. Papaano n’yo malalaman kung anong nais n’yong sumpungan, kung hindi n’yo napagkikilala kung anong hinahanap n’yo?

253 Papaano kayo magtutungo para maghanap ng kalabasa, at hindi pa naman kayo nakakakita ng isa nun at hindi pa nakakarinig tungkol dun? Papaano kayo hahayo na maghahanap ng pakwan, kung wala kayong nalalaman na kahit isang bagay tungkol dun, kung ano ba ang itsura nun? Aba'y, marahil kapag may nakita kayong batya, at iisipin n'yo na pakwan 'yun. May makikita kayong iba pa, marahil isang bloke, at iisipin n'yo na pakwan 'yun.

254 Anupa't kinakailangan n'yong alamin kung ano ba talaga ang hinahanap n'yo. At ang tanging paraan para malaman n'yo ang tinutungo n'yo, ang hinahanap n'yo; kung si Jesus ang hanap n'yo, ang hanapin n'yo ay ang Salita, dahil Siya ang Salita. "Itong mga Ito ang nagpapatotoo sa Akin. Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan."

255 "Nag-aangkin kayo na kayo'y . . . mga naniniwala sa mga propeta, pero kayo'y sa inyong amang diyablo. Ang inyong mga magulang, na nag-aangkin; noong ang Diyos ay nagsugo ng mga propeta sa kanila, aba't siya ang naglagay sa mga propeta sa libingan. Kanilang—kanilang pinatay ang mga propeta. Bawat isa na dumating," sabi ni Jesus, "sino sa kanila ang hindi pinagbabato ng inyong mga magulang? At ang mga gawa ng inyong magulang ay inyong gagawin din naman." Amen! Matutuwid na lalaki, mga banal na lalaki, mga lalaki mismo na di mo makitaan ng anumang pagkakasala, at sa kabila nun ay tinawag pa rin Niya sila na "mga ahas at mga diyablo." Kita n'yo?

256 Ano ang hinahanap n'yo? Ang hinahanap n'yo ba'y kung sinong relihiyosong lalaki? Iniisip ng ilang mga tao na dahil kumikilos ang Espiritu Santo sa pamamagitan n'yo, siguradong kayo'y isang malamlam na, relihiyosong tao, na maglalakad-lakad na di man lang . . . Hindi 'yan ang Espiritu Santo. Hindi nakikipag-ugnay ang Diyos sa mga anghel na tulad n'yan, o sa mga parang anghel. Ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa mga tao. Ang sabi ng Biblia, "Si Elias ay isang taong may likas na gaya rin ng sa atin," pero hindi n'yo siya makakasama hangga't hindi n'yo makita si Jesus.

257 Sina Pedro at Juan, ay naroon noon sa pintuan na tinawag na Maganda. At noong dakipin nila sila roon ukol sa pagpapagalang sa lalaking 'yun, "Nasumpungan nila na sila'y walang alam, walang pinag-aralan, pero nakilala nila na sila'y nakasama ni Jesus," kita n'yo, dahil ang Kanyang Buhay ay naaaninag sa kanila.

Gayon, nakasalalay nga 'yan mismo sa tinutunghayan n'yo.

258 Nakabasa ng Biblia ang babae. Batid niya na may parating na isang Mesiya, at alam niya kung anong gagawin ng Mesiya na 'yun. At noong sabihin mismo ni Jesus sa kanya, "Dalhan mo Ako ng maiinom."

Ang sabi ng babae, “Hindi ito kaugalian.” Siya nga’y isang ordinaryong Lalaki lamang.

²⁵⁹ Ngayon, kung Siya pa’y nakaupo roon na ang suot ay malaki’t magarbong turban, at nababalot Siya ng lahat na ng uri ng mga palamuti, ng—ng kung sinong banal na tao, aba’y, sasabihin sana ng babae, “Buweno, hayun ang isang saserdote,” at maaaring tumuloy na siya. O, “Hayun ang isang masasabing rabi,” tapos tumuloy na.

²⁶⁰ Ministro, o kung ano pa; may nakita akong isang lalaki na pumasok para kumain, ngayong araw, sa lugar kung saan ako nagpunta para kumain. At ’yung lalaki na ’yun ay pumasok, siya—siya nga’y nababalot ng ilang mga krus at mga bagay-bagay; haya’t mabuting bagay rin kung minsan na may mga taong mayroong ganoon. Pero ang iniisip ko nga’y mas mahalaga na ipamuhay n’yo ang isang buhay. Hindi n’yo kailangan ng maraming damit na pang-ministro, para patunayan kung ano kayo. Kung minsan pa nga’y umiinom sila ng alak, at kung anu-ano ang pinaggagagawa, at naninigarilyo pa’t, lahat na, na anupa’t kinakailangan nilang magsuot ng pang-ministrong kasuotan para makilala lang kung sila ba’y ministro o hindi. Ganoon nga.

²⁶¹ Sinasabi ko sa inyo, ang damit pang-ministro na dapat suotin ng isang tao ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Yun ang magpapakilala sa inyo na kayo’y kay Jesus! Tama.

²⁶² Ngayon, nasumpungan natin, na nakasalalay ’yan sa kung anong pinagtutuunan n’yo. Sa pananamit nang magarbo, maayos na pagkakaayos sa sarili, may kung anong uri ng turban; hindi n’yo nga Siya masusumpungan kahit kailan sa ganoon, dahil Siya’y isang ordinaryong Tao lang. Ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa tao. Si Jesus ay isang Tao; ang Diyos ay naroon sa Taong ’yun, at Siya’y Diyos.

²⁶³ Ngayon, nalaman natin na ang babaing ito, noong makita niya ang mahiwagang tanda na ito, na may kakayahan si Jesus na saysayin sa kanya ang bagay na ginawa niyang mali, o kung ano ang nasa puso niya, napagkilala niya agad-agad na ’yun ang Mesiyas. Kaya, nang tumingin siya kay Jesus, ang nakita niya’y Mesiyas.

²⁶⁴ Ang Mesiyas, ano ba ang mga gawa ng Mesiyas? Ang matalos mismo ang lihim ng puso. Nakuha n’yo ba ’yun nang tama? Iniisip ko nga kung mauunawaan n’yo. Kung tutuon kayo sa Kanya, sa gabing ito, ano ang hinahanap n’yo? Siya nga’y magiging parehas pa rin. Ang Mesiyas ay ang Salita, ang Salita! At ang sabi ng Biblia, sa Hebreo sa ika-4 na kabanata, na, “Ang Salita ng Diyos ay mas mabisa, mas makapangyarihan kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, na humihiwa hanggang sa buto, at isang tagapagkilala ng mga haka na nasa puso.”

265 At noong makilala niya na ang Mesiyas ay magiging ang Salita na 'yun na nahayag, at kayang sasaysayin sa kanya ang bagay na mali sa kanya, napagkilala ng babae na 'yun nga ang Mesiyas. Hindi nga sa paraan ng pananamit Niya, hindi nga sa kung gaanong karaming edukasyon ang taglay Niya; kundi, sa pamamagitan ng tanda na ipinakita Niya sa kanya, na Siya nga ang Mesiyas. Noong makita ng babae si Jesus, nakita niya ang Mesiyas; ang Diyos na nananahan sa isang Tao, gaya ng ipinangako para sa pinahirang kapanahunan na 'yun.

266 Pero alam n'yo ba kung ano? Marami, ukol sa parehong mga kapanahunan na ipinangusap ko, ang hindi kailanman nakita ang bagay na 'yun. Marami sa kanila ang di 'yun nakita. Pareho sa panahon ngayon. Marami noon ang di nakakilala kay Moises. Marami ang di nakakilala kay Elias. Marami ang di naka-. . . Hindi nila sila nakilala hanggang sa sila'y mawala na, tapos doon pa lang nila ito napagkilala.

267 May nakita rin naman ang mga di-mananampalataya, noong panahon ni Noe, pero ano ba ang tiningnan ng di-pananampalataya? Sinabi ko na sa inyo kung ano ang nakita ng mananampalataya, ngayon tingnan naman natin ang nakita ng mga di-mananampalataya. Noong panahon ni Noe, ano ang nakita ng mga di-mananampalataya—ano ang nakita nila noong tumanaw sila roon? Aba'y ang nakita nila'y "isang panatiko, na kung anu-ano ang sinasabi tungkol sa kung-anong bangka na 'yun." Yun lang ang nakita nila. "Na kung sinong nababaliw na matandang lalaki na may mahaba't puting balbas, na nawala na sa katinuan ng pag-iisip, at, kontra pa sa siyentipikong pananaliksik at katibayan, na ang sabi pa'y, 'May tubig daw doon sa itaas.' Naku, ang kaawa-awang matandang lalaki!" Sila pa nga ang naawa sa kanila. "Lampasan n'yo lang siya; siya, siya'y idedeklara rin namang baliw paglaon. Nawala na siya sa katinuan ng kanyang pag-iisip."

268 Pero taglay niya ang Salita ng Panginoon. Siya'y nagtatayo mismo, sa ibabaw nun, at ang Diyos ay nagpapakita ng patunay na may baha na parating talaga. Yun ay isang tanda sa kanila. Sila na mga hindi naniniwala sa salaysay ni Noe ay napadpad sa kadiliman, at ang kinahantungan ay kamatayan, sa tubig, at isang libingan ng impiyerno.

269 Si Faraon, siya'y tumingin isang beses. Ano ang nakita niya, ano ang nakita ni Faraon? Ang nakita niya'y "isang panatiko, na kung-sinong-tinawag na propeta, na may kung anu-anong nasabi-lang na mga pag-aangkin ukol sa pagpapalaya." At 'yun lang ang nakita niya; isang tagatapal lang ng putik, isang alipin na tumayo sa kalagitnaan ng mga tao, at nagsasabi lang na isinugo raw siya ng Diyos para magpamalas ng mga himala. Aba, iniisip nga nila na ang taong 'yun ay nawalan na ng. . . Sabi, "Sige't, hayaan n'yo lang siyang magdadada. Siya'y. . . Idedeklara rin nila siyang 'baliw,' kalaunan."

270 Pero siya nga'y nagtataglay ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang mga mananampalataya, sina Aaron, Josue, at marami pa sa kanila, ay nakita ang Diyos kay Moises. At ang mga gawa ng Diyos, ay ginawa ni Moises, 'yan ang dahilan kung bakit nila napagkilala na ang Diyos ay nasa kanya. Sila'y tumuon ng tingin at nakita ang Diyos kay Moises.

271 Ang mayamang lalaki'y tumingin din naman at nakita kung Sino Siya mismo. Kita n'yo? Pero siya'y tumangging sumunod sa Kanya, dahil iniibig niya ang mga bagay ng sanlibutan, nang lubos, para sumunod sana kay Jesus.

272 Gaano kaya karaming mayayaman na lalaki ang makikinig sa teyp na ito, na ganoong klase! Hindi n'yo kailangang maging mayaman sa tuwina sa salapi; hindi, marahil mayaman kayo sa pagnanasa, mayaman sa kalayawan sa buhay na ito. Gaano kaya karaming kalalakihan, gaanong karaming kabataang babae, at gaanong karaming kabataang lalaki, ang tumangging talikuran ang kanilang kasikatan sa pagiging isang sex queen, o pagiging isang Ricky na may bitbit na banjo o gitara, na lalabas dun at mang-aaliw gamit ang rock-and-roll, o kung anong pagsasayaw na kaya niyang gawin! Gaanong karami sa kanila ang mas pahahalagahan ang kanilang pagiging mayaman sa popularidad, at tatanggi, kapag sila'y mauupo na sa mga pagtitipon at masasaksihan ang Kamay ng Diyos na kumikilos at dinedeklara ang Kanyang Salita! Gaanong karami kaya ang gagawin ito!

273 Mas pinili ng binata ang kanyang denominasyon. Yun ang napili niyang pamuhayan. "Si Jesus ay isang panatiko," para sa kanyang denominasyon. Kaya alinman 'yun sa susundin niya ang sinabi ni Jesus, o kinakailangan niyang kunin . . .

274 Bakit hindi siya nagtungo sa kanyang saserdote, at nagsabi, "Ano pong gagawin ko para magkamit ng Buhay na Walang Hanggan?" Alam niya kasi na walang nalalaman ang saserdote ukol Dun.

Kaya nagtungo siya kay Jesus, at nagsabi, "Ano pong maaari kong gawin?"

275 Ang sabi ni Jesus, "Sundin mo ang mga utos." Ibinalik 'yun sa kanya.

Sabi niya, "Nagawa ko na po ito."

276 Sabi Niya, "Sundin mo ang mga utos." Pagkatapos nga'y, wala pa rin siya nung Buhay na Walang Hanggan, at alam niya na wala siya. Magagawa n'yo ngang sundin ang lahat ng mga utos, at wala pa rin kayong Buhay na Walang Hanggan, siyanga.

277 Kaya ang sabi ni Jesus, "Ngayon kung nais mong gawin ang tama, humayo ka't ipagbili mo ang mayroon ka, at ibigay ito sa mahihirap. Halika, sumunod ka sa Akin."

278 Pero 'yun nga'y sobra-sobra sa kanya. Kita n'yo? Nakita natin na tumingin nga siya't nakita kung Sino Siya mismo,

pero sa kabila nun ay tumangging piliin 'yun. At ang kasunod na niyang pagtingin ay sa impyerno na, nakatingin mismo sa gawing itaas na itaas at nakita si Lazaro na nasa sinapupunan ni Abraham.

²⁷⁹ Si Pilato'y tumingin, isang beses, noong dalhin nila si Jesus doon. Hindi pa niya Siya nakikita kahit kailan. Ang mga kamay Niya'y nakatali; may dugong umaagos sa Kanyang likod; may putong na gawa sa tinik sa Kanyang ulo. Tumingin si Pilato, at nakumbinsi siya.

²⁸⁰ Dahil, may isang kabayo na dumarating na tumatakbo sa lansangan, at ang mangangabayo'y umibis, at tumakbo palapit mismo't nagsabi, "Heto po, ang asawa n'yo po'y may ipinadalang sulat."

²⁸¹ At tiningnan niya 'yun, at ang sabi ng asawa niya, "Pilato, minamahal kong asawa, huwag kang magkaroon ng kinalaman sa Lalaking 'yan, dahil ngayon ako'y nagdudusa nang maraming bagay sa isang panaginip dahil sa Kanya."

²⁸² Si Pilato nga'y nanginig. Nangatog ang kanyang mga tuhod. Tapos sabi niya, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, kung Ikaw ang Hari, bakit hindi Ka magsalita? Ikaw ba ang Hari ng Israel?"

Sabi Niya, "Ikaw ang may sabi n'yan."

Sabi, "Sabihin Mo sa amin ang katotohanan."

²⁸³ Sabi Niya, "Ako'y ipinanganak dahil dito." At namangha si Pilato. Siya . . .

²⁸⁴ Lahat, ang lahat mismo'y, nagmamakaawa't umiiyak pa nga sa paanan niya. Sabi niya, "Mayroon akong kapangyarihan para patayin Ka, o mayroon din akong kapangyarihan para palayain Ka."

²⁸⁵ Sabi Niya, "Wala kang kapangyarihan na anuman, maliban na ibigay ito sa iyo ng Aking Ama." Whew!

²⁸⁶ Grabe, siya'y nakumbinsi mismo na Yun nga'y higit sa isang tao. Siya'y kumbinsidong-kumbinsido mismo na Ito'y higit sa isang tao. Tunay, siya'y kumbinsido. Pero (ano?) ang kanyang pamumulitika't popularidad ay talagang mas mahalaga. Kita n'yo, kanyang tinanggihan Siya. Mas mahalaga nga ang kanyang popularidad. Ang pulitika, ang posisyon niya sa buhay, ganoon na lamang itong mas mahalaga, para tanggapin ang panatikong ito.

²⁸⁷ Iniisip ko nga kung gaanong karaming mga Pilato ang makikinig dito, na ang inyong posisyon diyan sa kung anong denominasyon ay mas higit na mangingibaw, para tanggapin sana ang tunay na Panginoong Jesus na nakatayo sa kalagayan na 'yun na Kanyang kinatatayuan ngayon.

Yaong Romanong sundalo, sa may krus, siya'y tumingin din noon kay Jesus.

288 Matapos na ang mundo'y tila nagpatirapa sa takot, nayanig nang husto na ang mga bato'y nagtalsikan mula sa mga bundok. At ang araw ay lumubog sa kalagitnaan ng araw, at nagdilim. Ang mga bituwin ay hindi nagpakita para magbigay ng liwanag. At ang lupa'y bumuka na lumabas ang mga bato at may lindol. At ang pa-zigzag na kidlat ay tumugaygay sa kalangitan; at hinapak ang tabing sa templo mula sa itaas pababa. At, ang mga tao'y nagsisitakbuhan at nagsisihiyawan, hindi nila malaman kung anong nangyayari.

289 At 'yung Romanong sundalo na 'yun na tumulong para ipako Siya roon, haya't nagtusok ng tabak sa Kanyang puso, at pagkatapos ay tumingin siya, pero huli na ang lahat. Tumingin siya't naniwala, pero huli na ang lahat para siya'y sumampalataya. Ang bagay na ginawa niya ang sumentensya sa kanyang kapalaran; kanyang pinaglagpasan ang kanyang sibat sa puso ng Tagapagligtas. Huli na ang lahat.

290 Iniisip ko nga kung gaanong karaming mga Romano sa panahon ngayon ang ginagawa ang siya ring bagay na 'yun, at gagawin ang siya ring bagay. Marahil makatitingin ka, isang araw, pero marahil ang tingin na 'yun ay huli na ang lahat. Marami sa panahon na 'yun ang dadako sa panahon na 'yun at magiging ganoon din mismo. Huli na ang pagkilala nila.

291 Si Kapatid na Wood dito; kahapon. Ikukuwento ko lang ito dahil bahagi ito ng Mensaheng ito. Dito nga sa may Slider Company, may isang Romano Katoliko na nakaupo roon. Nagtungo siya roon para kumuha ng semento para sa simbahan dito, at, noong magpunta siya, sinabi niya kung saan niya 'yun nais gamitin. Tapos ang sabi nung Romano Katoliko, "Kay Kapatid na Branham ba?"

"Oo."

292 Sabi niya, "Sasabihin ko ang isang bagay; kapag siya'y nananalangin, tumutugon ang Diyos." Kita n'yo?

293 Iniisip ko nga, na sa pagkakaalam nun, na nakikita ang pagpapatibay na ito'y tunay mismong ang Ebanghelyo, na hindi ako; sinumang tao na kinakatawan si Cristo. Ang Salita ang pinag-uusapan natin dito, hindi tao.

294 Ano ba ang sinisikap kong sabihin? Ganito, na, nakikita nga nila nang malinaw ang isang pinagtibay na Salita, gaya ni Pilato at ang iba pa sa kanila, gaya nung Romanong sundalo, pero maghihintay ka ba na mahuli na ang lahat para gumawa ng anumang bagay para rito? Ginamit niya sana ang sibat sa ibang paraan. Ang mga pinto'y ipipinid na, gaya nung panahon noon ni Noe, at pagkatapos ay magiging huli na ang lahat. Marahil magigising ka isang umaga, at sasabihin, "Balak kong umalis na sa kaguluhang ito." Huwag na kayong magpatagal-tagal pa. Mas mabuting tumuon na kayo ngayon at ipamahay.

295 Bumaling ng tingin si Luther palayo mula sa Katolikong denominasyon. Ano ang nakita niya? Isang Haliging Apoy. Ang nakita niya’y isang malayang iglesya.

296 Bumaling ng tingin si Wesley palayo mula sa Anglican na denominasyon. Nakita niya ang siya ring bagay.

297 Bumaling ng tingin ang Pentecostal palayo mula sa lahat ng mga denominasyon. At anong napangyari roon? Haya’t isang dakila’t, makapangyarihang mga tao mismo.

298 Anong ginawa ng bawat isa sa kanila? Noong ang mga nagtatag, na sina Luther, at Wesley, at sila, at noong sila’y bumaling ng tingin palayo at nakita ang ginawa nila at nagpasimula uli; ang kanilang mga anak, na mga sumunod pagkatapos nila, haya’t sila’y tumingin sa dako kung saan sila nanggaling, palabas ng denominasyon, at kinuha ang grupong ’yun ng mga tao’t dinala pabalik sa siya ring kaguluhan na pinanggalingan nila.

299 Ano nga ba ang tinitingnan n’yo? Tama ang pagtingin noon ng mga nagsipagtatag. Pero ’yung mga tao, na sumunod pagkatapos nila, sila’y tumingin pabalik sa bagay na nilabasan ng mga nagsipagtatag, at ginawa ang siya ring bagay na nilabanan noon ng mga nagtatag; na mga pinahiran ng Diyos.

300 Alam n’yo, kinakailangan ko nang magmadali, dahil may pila pa ako para sa pananalangin na parating, at alam ko na marami sa inyo ang kailangan pang bumiyaha.

301 Isang araw ako’y tumingin. Nakita ko ang Salita na nagsalaman. Nakita ko ang Alpha at Omega. Hindi kailanman tatlo, apat, o lima ang nakita ko; Isa lang ang nakita ko. Nakita ko Siya bilang aking Tagapagligtas. Nakita ko Siya, ang Salita. Nakita ko Siya, ang Liwanag. Nakita ko Siya, ang Makapangyarihang Diyos. Nakita ko ang Diyos sa Kanya. Nakita ko ang Haliging Apoy. Nakita ko, sa Kanya, ang eksakto mismong sinabi ng Biblia kung ano Siya. Nakita ko na Siya ang Alpha at Omega, na Siya ang Haliging Apoy. Siya’y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nakita ko ang Haliging Apoy na nagsabi, kay Juan, “ang Kanyang di-nagmamaliw na Presensya.” Gaya ng sinabi niya sa Juan, sa dako roon, “At ang Kanyang di-nagmamaliw na Presensya ay hindi kayo kailanman iiwan.” Kapatid, ang aking opinyon sa gabing ito, awitin n’yo ang awitin na ’yun:

Tumingin at ipamuhay, aking kapatid,
ipamuhay!

Tumingin kay Jesus ngayon at ipamuhay;
Sapagkat nakatala ito sa Kanyang Salita,
hallelujah!

Gawin n’yo mismo na “tumingin at ipamuhay.”

302 Tumingin kayo! Anong nakikita n’yo? Nakikita n’yo ba ang paglaya? Nakikita n’yo ba kung ano Siya? Tumingin kayo sa

Salita at tingnan kung ano Siya noon, pagkatapos tumingin kayo sa siya ring Salita at makikita n'yo na Siya'y siya pa rin ngayon gaya ng kung ano Siya noon. Siya'y anti-tipo ng ahas na tanso noon sa ilang, para sa siya ring kadahilanan, kasalanan at pagkakasakit.

³⁰³ Si Judas ay tumingin, isang araw. At noong tumingin siya, matapos na tumingin siya nang husto sa Kanya. . . Anupa't ang nakikita lamang niya'y ang kayamanan, sa harapan nun, 'yung supot ng salapi na dala nila. Pero isang araw noong tumingin siya't nakita si Jesus, alam n'yo ba kung anong nakita niya? Nakita niya na siya pala'y nagkasala. Nakita niya na siya pala'y hindi angkop para mabuhay pa, at siya'y nagpatiwakal.

³⁰⁴ Isang umaga, isa sa pinaka dakilang umaga sa buong kasaysayan ng panahon. Sa pagtatapos po, sasabihin ko ito. May kung anong bagay na nangyayari noon sa Jerusalem, at bigla na lang may grupo ng mga sundalo na nagtungo roon sa may—sa may bilanguan. Nauulinigan ko ang kalansing ng—ng mga tanikala; nauulinigan ko ang pagkaldag ng sibat sa kalsada.

³⁰⁵ Sino ang naroon? Si Barrabas. Siya'y handa nang mamatay. Isa siyang magnanakaw. Wala siyang kuwenta. Isa siyang kawatan. Isa siyang mamamatay-tao. Siya'y mamamatay na.

³⁰⁶ Malalaman n'yo na lang, sabi niya, “Buweno, katapusan ko na talaga. Bibitayin na ako kinaumagahan.”

³⁰⁷ Malalaman n'yo na lang, binuksan ng bantay ang pinto, “Lumabas ka riyon, Barrabas.”

Lumabas siya at nagsabi, “Buweno, sa palagay ko'y ito na ang katapusan ko.”

Sabi nung bantay, “Barrabas, ganap na malaya ka na.”

“Ano? Ako'y ano? Ako'y. . .”

“Ganap na malaya na! Malaya ka na,” sabi ko.

Sabi, “Papaano ako naging malaya?”

³⁰⁸ Sabi nung bantay, “Buweno, halika rito, Barrabas, tumingin ka roon. Nakikita mo ba ang Lalaki na 'yun na malapit nang patayin? Humalili Siya sa lugar mo.”

³⁰⁹ Iniisip ko kung lahat ba tayo, sa gabing ito, ay makatitingin at makikita ang bagay na nakita ni Barrabas, na may isa na humalili sa ating lugar? “Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan. Ang parusa ukol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya; at sa Kanyang mga latay,” ako'y pinagaling, kayo'y pinagaling. Iniisip ko nga kung tayo, na mga nagkasala, na mga dapat may sakit, ay makikita Siya na Siyang magpapalaya sa atin? Ikaw na dapat sana'y papuntang impyerno; haya't makita sa Kanya ang iyong kalayaan, ang tiket mo papuntang Langit. Iniisip ko nga kung

magagawa n'yong makita ang bagay na nakita ni Barrabas noong araw na 'yun?

³¹⁰ Ang sabi Niya, “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan, gayunman ay inyong makikita Ako.” Oh, iglesya! Kung ganoon, kung sinabi Niya, “Inyong makikita Ako,” haya't 'yan na nga ang patunay na kayo'y makatutuo muli. “Makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasama sa inyo, sasainyo, hanggang sa wakas ng sanlibutan.” Kailan? Papaano n'yo Siya makikita? Sa Salita. Siya ang Salita. Tumuon kayo sa Salita at tingnan kung ano ang pangako, dahil Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

³¹¹ Kung ano Siya noong Siya'y naglalakad sa Galilea, ay siya pa ring Siya sa gabing ito sa Jeffersonville, siya pa ring Siya dito sa Branham Tabernacle. Ano ba ang tinitingnan n'yo para makita, isa bang tagapagtatag, isang tao ba ng denominasyon? Hinding-hindi n'yo makikita ito kay Jesus. Ang tinitingnan n'yo ba para makita ay kung anong bantog na kaparian? Hindi n'yo nga ito makikita kay Jesus. Hindi. Papaano n'yo makikita si Jesus? Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na inihayag, dahil Siya ang nahayag na Salita ng Diyos. Kung ano Siya noon, Siya nga sa gabing ito, at magiging ganoon magpakailanman.

³¹² Atin nang iyuko ang ating mga ulo pansumandali. Puputulin ko lang ito nang medyo maikli.

³¹³ Panginong Jesus, ang aking panalangin, itulot Mo na ako'y makabaling ng paningin palayo sa mga alalahanin sa buhay. Panginoon, alam ko—alam ko po na kami'y pangkaraniwang mga tao lamang, hindi edukado. Wala kaming ganoong karaming mga bagay-bagay ng sanlibutan, ngunit iniibig Ka po namin, Panginoon.

³¹⁴ At ako po'y nagsasalita para sa mga taong ito. Hindi sila magtitiis na maupo sa lugar na gaya nito, at nagsisiksikan at nagkakasagian, at nasa palibot ng maraming tao; at mauupo, na naiinitan, sa—sa alinsangan; o giniginaw sa lamig, at tatayo sa . . . at dadalhin ang kanilang mga anak at sila, na mga may sakit at nagdadalamhati, na pupunta rito; kung nagpupunta sila rito para makakita ng iba pang bagay maliban sa Iyo. Ang mga taong ito po, Panginoon, ay hindi magpupunta rito para makita ang isang tao. Napakaraming tao sa lansangan mismo; na lahat sila'y magkakapareho.

³¹⁵ Subalit sila'y pumarito para makita ang Taong 'yun, ang Taong 'yun ng Diyos, ang Jesus na 'yun sa laman na taga-Nazaret, bilang Diyos. Ngayon, Ama, Iyong sinaysay sa amin na, “Kaunti pang panahon, at ang mundo'y hindi Ka na makikita pa,” kahit na gaano pa silang humagilap, hindang-hindi nila Ito makikita. Pero sinabi Mo, “Inyong makikita Ako,” ng tunay na mananampalataya, “sapagkat Ako'y sasama sa inyo, sasainyo, hanggang sa wakas ng mundo.” Iyong ipinangako sa amin, na

kung kami'y titingin, ay aming makikita. At dalangin ko, sa gabing ito, na Iyong ipangyayari ang Kasulatan na 'yun sa amin muli sa gabing ito, nang sa gayon ay makatingin kami at makita si Jesus na ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa amin, sa siya ring paraan na Kanyang ginagawa sa tuwina, na tinutupad ang Kanyang Salita, simula ngayon, Panginoon.

³¹⁶ At may pahayag akong binitiwang, bago lamang ito, at tunay na sinabi ko ang mga bagay na ito mula sa puso ko, tungkol sa mga Hatak, at Iyong sinaysay sa akin. At ngayon, ganoon man na mistulang mahiwaga ito, kung magagawa lamang naming kurutin ang aming panloob na budhi, at makita na ang mga bagay na 'yun na hindi magagawang saysayin nang pauna, nang ganap kung papaano nga ang mga ito, maliban na ito'y tunay na nanggaling sa Diyos.

³¹⁷ Papaano namin makikita ang Unang bagay na 'yun na maganap? Papaano magaganap ang Ikalawa? Papaano magaganap ang Ikatlo? Papaano kaming makatatayo rito, na ilang buwan bago ito nangyari, at saysayin kung ano ang mangyayari sa Tucson? At bubuksan ang Pitong Tatak, at ibabaling pabalik ang hiwaga, at ihahayag ang mga natatagong bagay ng Diyos, na natago mula sa pasimula ng panahon. At ang makita ito, na kapwa pinatotoo, nasaksihan, napatunayan ng siyensiya!

³¹⁸ Panginoon, Ikaw po ang aming kanlungan at kalakasan. Ikaw po ang lahat-lahat sa amin. At nagpapasalamat po ako sa Iyo, para, Panginoon, sa pagiging bahagi ko sa dakilang pangangasiwa Mong ito. Pinasasalamat po Kita, sa pagiging bahagi ko sa Iyong Katawan, kasama ang marami rito na mga bahagi rin ng Katawan na 'yun, na marami pa't lahat ng nasa palibot ng mundo sa iba't ibang mga iglesya, na mga miyembro ng mistikal na Katawan ni Cristo.

³¹⁹ Sa tuwing titingin kami, Siya ang aming nakikita! Nakikita Siya kapag ang mga ibon ay humuhuni ng awit. Nakikita Siya kapag ang araw ay sumisikat, o kapag ito'y lumulubog. Naririnig Siya sa mga awitan. Nakikita Siya sa Kanyang mga tao. Nakikita Siya na pinagtitibay ang Kanyang Salita.

³²⁰ Oh Panginoon, Ikaw po ang aming Diyos. Maaga pa lamang ay kami'y tumatawag na sa Iyo. Ikaw po ang aming mahabaging Ama. Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkakamali.

³²¹ Panginoon, kami'y nasa wakas na ng panahon. Nakikita ko ang mga pinto na nalalapit nang magsara, ang mga pintuan ng pagkakataon. At habang may liwanag pa ang umaga at nagagawa ko pang dumako sa mga lugar na ito, Panginoon, tulungan Mo po ako na makahayo. Ako po'y tumatanda na; Iyo pong pagkalooban ako ng lakas. Iyo pong ipanauli ang aking kabataan, Panginoon. Iyo pong tulungan ako, nang sa gayon ay makagawa ako sa dako roon, ngayon, na haya't ako po'y

naghihintay para sa dakilang panahon na ito na parating, na paririto na. Iyo pong tulungan ako, Panginoon, sa paghayo ko, nang sa gayon ay magawa ko, sa ilalim ng kung anong paraan, na mahanap ang huling predestinadong Binhi, na magpapabalik sa Panginoong Jesus. Iyong lingapin, Oh Diyos!

³²² At kung ako po'y naglalalatag ng pundasyon para sa isa pa na tatayo roon, Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, na madali na itong mangyayari, nang sa gayon ang Salita'y matupad na.

³²³ Ang mithi ng aming mga puso ay ang makita ang Iyong Salita na matupad. Iniibig Ka po namin. Sinasampalatayanan Ka po namin. Sa gitna ng hindi nananampalataya't, nag-aalinlangang mga tao, na isang henerasyon ng—ng—ng kung anong mayroon kami ngayon, Panginoong Diyos, kami'y sumasampalataya pa rin na ang Iyong Salita ay di kailanman mabibigo. Nananampalataya kami, na, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, subalit Ito'y hinding-hindi mabibigo kahit kailan." Kami'y tumitindig nang may katapangan para Roon.

³²⁴ Ngayon, Ama, sa munting grupo na ito na naghihintay. Marami po rito ang may sakit. At marami rin marahil ang hindi pa ligtas dito. Ang mga tao'y naliligtas, ngunit sa kabila nun ay hindi pa napupuspos ng Espiritu Santo. Panginoong Diyos, nawa'y pumarito Ka po mismo sa eksena, sa pamamagitan ng Iyong Salita ng pangako, nang sa gayon ang mga tao'y titingin at makikita si Jesus, at pagkatapos ay yuyuko at ibibigay ang kanilang mga puso sa Kanya. Nawa ang mga maysakit ay tumingin at makita na imposible para sa anupamang ibang bagay na isagawa 'yun, tanging ang Diyos lamang, dahil ito'y Kanyang Salitang pangako.

³²⁵ Ang bagay na ipinangusap namin ngayon, ang dalawang Mensahe mismo, nawa ito'y mapagtibay na ngayon. Ito'y nasa sa Iyong mga kamay na, Panginoon. At ako'y nasa sa Iyong mga kamay. At ang—ang kongregasyon ay nasa sa Iyong mga kamay. Ikaw po'y kumilos sa amin, Panginoon, para parangalan ang Iyong dakilang Pangalan. Oh nag-lisang Walang Hanggan, Iyo pong ipagkaloob ito para sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen.

³²⁶ Alam ko na mainit, at nais kong sikapin na makapanalangin sa mga maysakit ngayon. At kung bibigyan n'yo lang ako ng mga labing-lima, dalawampung minuto, hindi ko alam kung gaanong karaming mga card ang ipinamigay nila, pero tayo lamang po'y mag-uumpisa na't mananalangin sa mga maysakit.

³²⁷ Ngayon, binanggit sa akin ni Billy na namigay raw siya, ano nga uli 'yun? [May isa na nagsasabi, "Bilang isa hanggang sandaan."—Pat.] Sanda-. . .Ano, ano? [May isa na sumasagot.] Sige. Buweno, sige't mag-uumpisa na tayo. Ang sabi niya'y namigay siya ng bilang isa hanggang sandaan. Ilan po ang mga may prayer card dito? Itaas n'yo ang inyong mga kamay; mga prayer card. Buweno, marami-rami rin. Sisikapin natin

na matapos ang lahat sa abot ng posibleng makakaya natin, kung kaya natin. Ngayon, hindi natin magagawa na may espirituwal na pagtalos sa lahat ng mga ito, alam n'yo, kaya tayo'y mananalangin lamang. At, sa lahat, ilan po rito ang walang prayer card, at kayo'y may sakit? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Marami.

328 Ngayon, tingnan n'yo. Ano ito? Ngayon, alam ko, tayo'y medyo—medyo atrasado na sa ating iskedyul, nang labing-limang minuto, pero nais kong sabihin ang isang bagay na ito. Ito po'y maaaring magbunsod ng malaking epekto, dito, sa kung ilalagi n'yo ba ang Walang Hanggan sa Langit o sa Impyerno. Kita n'yo? Tingnan n'yo, kayo po'y magpitagan at magmatyag, pansumandali, pakinggan n'yo ang Salita, at tingnan n'yo kung Siya ba'y nananatili pa ring Cristo.

329 Ngayon, bawat isa rito'y marahil kilala ako. At marami sa inyo ang hindi ko kilala, dahil hindi ako naglalagi rito nang matagal para makilala kayo. At marami sa inyo ang taga-ibang bayan. Ilan po sa inyo ang mga taga-ibang bayan, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Kita n'yo?

330 Ngayon, tinanong ko ang taga-rito lang sa bayan, noong isang araw, sabi ko, “Ikaw ba'y makakapunta?”

331 Sabi, “Hindi na po kami makapunta.” Sabi, “Napakarami kasi ng mga taga-ibang bayan, ang nagpupunta roon, hindi kami makapasok.” Kita n'yo?

332 Pero ayos lang—ayos lang 'yan. Isasaayos natin ito para sila'y makapasok din naman. Kaya magpunta lang kayo, ano't anuman. Pansinin n'yo, sila'y nagkaroon ng pagkakataon bago kayo. Siyanga.

333 Ngayon alalahanin n'yo, ngayon, ako'y kapatid n'yo lang. Sigurado ako na nauunawaan n'yo 'yan. Ako'y tao lang; Siya nama'y Diyos. Pero ang Diyos ay maaaring kumikilos lamang, at laging kumikilos mismo, at tanging kumikilos, sa pamamagitan ng tao. Ngayon tumingin kayo sa gabing ito, hindi sa akin o kung kanino pang ibang tao, kundi kayo'y kay Jesus Cristo tumingin.

334 Ngayon tumingin kayo sa gabing ito sa Kasulatan, kung ano ang ipinangako Nito. Ilan sa inyo. . . Maaari kong ibigay ang lahat ng uri ng Mga Kasulatan, pero ilan ang sasampalataya lamang sa Mga Hebreo 13:8, na, “Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon. . .”? At ilan ang sumasampalataya sa Juan 14:12, “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo”? Kita n'yo? Ilan ang nananampalataya na Kanyang ipinangako ang mismong mga bagay na Kanyang ginawa, ang “pagtatalos sa iniisip ng puso,” na manunumbalik uli sa huling araw bago mismo ang Kanyang Pagparito? Uh-huh. Tunay. Alam nating lahat 'yan. Buweno. Oh, gaanong karami pa, daan-daang Mga Kasulatan mismo, pero nalalaman natin ito!

335 Ngayon tingnan n'yo. Huwag kayong tumingin na ang makikita'y isang ministro. Huwag kayong tumingin na ang makikita'y isang pastor. Tumingin kayo para si Jesus ang makita. Huwag n'yong tingnan ang tao; si Jesus ang inyong tingnan. Kapag kayo'y titingin, Siya ang inyong tingnan. Kung magagawa ko lang sanang matulungan kayo, haya't tutulungan ko kayo, pero di ko kaya. Hindi ko kayo kayang tulungan; ako'y kapatid n'yo lang. Pero, Siya ang inyong Panginoon, sa Kanya kayo tumingin at manampalataya. Buweno.

336 Ngayon magsimula na tayo sa prayer card bilang . . . Buweno, magsimula tayo sa bilang isa. Ilan ang . . . Bilang isa, sino po ang may hawak ng prayer card bilang isa? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Nasaan po? [May isang kapatid na lalaki na nagsasabi, "Doon po sa likuran doon."—Pat.] Diyan ba sa iyong . . . ["Nakatayo ang babae."] Siya nga ba? Oh, pasensya na po. Sige. Bilang isa, pumarito ka, ginang, dito sa . . . Sige't sa anong direksyon n'yo ba sila gustong dalhin, *paganito* ba? Sige, *pumarito* ka, kung—kung kaya mong lumakad. Kung mayroon pong tatawagin ngayon, na pilay, ang iba sa atin ay marahil tumulong para madala kayo rito. Bilang isa.

337 Bilang dalawa, sino po ang may hawak ng prayer card bilang dalawa? Itaas n'yo ang inyong kamay, nang mabilis lang sa abot ng makakaya n'yo. Bilang dalawa, nasaan po? Hindi ko nakikita. Nasaan? Pasensya na, hindi ko—hindi ko . . . Sige't dito sa bandang ito, binibini.

338 Bilang tatlo, maaari ka bang tumayo, o kung ano? Sige, bilang tatlo.

339 Bilang apat. Prayer card bilang apat, maaari mo bang itaas ang kamay mo? Nasaan po? Hindi ko nakikita. Prayer card bilang apat. Ano po? Bilang apat.

340 Bilang lima. Sino po ang may hawak ng bilang lima, maaari mo bang itaas ang iyong kamay? Hindi ko nakikita. Bilang lima.

341 Bilang anim. Bilang anim. Bilisan n'yo, sige't bilisan lang po, bilang anim. Buweno.

Pito. Ikaw ba, ang bilang pito? Sige. Sige na po.

342 Walo. Walo, nang mabilisan na. Tumayo lang po, nang mabilis. Sige, walo. Mainam, po.

Siyam. Siyam, nasaan po? Bilang siyam. Sige.

Bilang sampu. Sampu, sige, sampu, dito lang po. Sampu.

Labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima.

343 At hindi po tayo magtatawag nang marami, para kayo'y . . . Kita n'yo, ang dahilan po kung bakit natin ginagawa ito. . . Ito po'y card lamang na may numero, kita n'yo, at lumalapit lang

kayo base sa numerong ito. Yan po ang nagpapanatili ng pila nila.

Labing-lima. Prayer card bilang labing-lima. Sige.

³⁴⁴ Labing-anim, labimpito, labing-walo, labing-siyam, dalawampu, dalawampu't isa, dalawampu't dalawa, dalawampu't tatlo, dalawampu't apat, dalawampu't lima.

³⁴⁵ Sige't palapitin n'yo lang sila, pumila lamang po ngayon, dalawampu't lima, hanggang sa mabuo n'yo ang pila. Sige't tumayo lamang kayo ngayon base sa mga numero n'yo. Sige. Huwag po kayong sabay-sabay. Umikot lamang kayo dun sa gawing 'yun, kung magagawa n'yo, kung galing kayo sa gawing 'yun, at pumarito. Ngayon dalawampu't- . . .

³⁴⁶ Ano na 'yung tinawag natin, dalawampu't lima? [Sinasiabi ng isang kapatid, "Dalawampu't lima."—Pat.] Sige, huminto lamang tayo sa dalawampu't lima, pansumandali. Sige.

³⁴⁷ Ngayon sige't sasabihin ko lang, para hindi na kayo tumayo nang matagal, kapag nakita n'yo 'yun na umuusad na, haya't magpunta na kayo't sundan lang; dalawampu't lima, dalawampu't anim, dalawampu't pito. Sige't, buveno, maghintay lang, hayaan n'yo munang umusad ang pila nang kaunti, hindi n'yo naman kailangang tumayo nang, ganoong katagal.

Ngayon sige't iyuko na natin ang ating mga ulo.

³⁴⁸ Oh, mga kaibigan, ano na ngayon? Ngayon nasaan na tayo? Ngayon tayo'y nasa—nasa dulo na. Tayo'y nasa panahon na kung saan may bagay na ipangyayari, na magsasabi ng "oo" o "hindi." Ang Diyos ay masusumpungan mismo na tama o mali.

³⁴⁹ Ngayon, ngayong araw ay nangaral ako ng dalawang pangangaral, mabigat, haya't sinikap kong isaysay sa inyo kung ano Siya, sinaysay sa inyo na ang panahon ay patapos na; kung ano Siya ngayon, kung ano Siya noon. At ngayon kapag tayo'y titingin, sa gabing ito, tayo'y tumingin sa Kanya.

³⁵⁰ Ngayon, bawat tao, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, manatili kayo sa inyong upuan ngayon. Huwag po kayong paalis-alis. Maupo lang kayo hanggang sa tawagin kayo. Ang munting mga bata nama'y . . .

³⁵¹ Ngayon, kung sabihin ko, "Iyuko mo ang iyong ulo," gawin mo agad, iha, dahil lumalayas ang masasamang bagay, gaya ng kanser at mga sakit, at lumalabas ito sa mga tao, at pumapasok sa iba. Lahat ng naniniwala roon, at batid na ang Kasulatan 'yan, magsabi ng, "Amen." [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nasumpungan natin, sa Biblia, na ang masasamang espiritu'y lumilipat mula sa isa patungo sa isa pa, kapag sila'y pinalalayas. At sila'y sumusubok mismo na makahanap ng malilipatan.

³⁵² At gaano nang karaming beses na nakita natin 'yan sa pagtitipon! Nagpupunta ang mga tao sa pagtitipon, na

ganap na malusog at maigi ang kalagayan, mauupo riyan at mangungutya; at, isang araw lang o dalawa pagkatapos nun, ay masusumpungan na ganap na bulag na, o dinapuan na ng kanser, paralisado na. Kita n'yo, dahil sila'y mga di mananampalataya. Hindi po ako responsable sa kanila; sa mga mananampalataya lamang. Marami sa kanila ang napunta sa institusyon, maraming taon na ang nagdaan, at nandun pa rin, ang iba'y napunta na sa libingan, dahil sa pagiging arogante, na di nananampalataya.

³⁵³ Wala ngang dako ngayon para sa isang di-mananampalataya. Ito'y dako mismo para sa mga mananampalataya. Manampalataya kayo sa Diyos!

³⁵⁴ Makalangit na Ama, ngayon ang gawain ay sa Iyo; ito'y tunay mismong sa Iyo, sa lahat ng oras. Ngayon, ako'y nakasasalita ukol sa Iyong Salita; pero ngayon, mula mismo ngayon, hindi na ako makasasalita. Ikaw lamang ang tanging Isa na Siyang makasasalita ngayon, Panginoon. Nawa'y maipaalam na ang Iyong lingkod ay nagsaysay sa kanila ng Katotohanan. Nawa ang mga tao rito, marahil marami rito ang may sakit, at hindi sila makadako sa pila para sa pananalangin, pero Ikaw po'y narito pa rin, Panginoon. Ikaw po'y nakakapagpagaling doon, gaya ng kung papaanong nakakapagpagaling Ka saanmang dako. Maibunsod nawa na ang Iyong Salita ay mapagkilala, sa Pangalan ni Jesus, aking dinadalangin. Amen.

³⁵⁵ Ngayon kung maitutunon n'yo sa akin ang inyong buong pansin pansumandali. Nais kong tumingin dito sa pila na ito para sa pananalangin. Sa palagay ko'y wala akong nakikilala ni isa. Kayo po ba, na nandito sa pila para sa pananalangin, ay mga estranghero sa akin, na batid n'yong hindi ko kayo nakikilala? Itaas n'yo ang inyong mga kamay kung kayo nga. Sila nga. Ilan sa inyo riyan ang batid na wala akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, na mga nariyan, kita n'yo. Tunay, nobenta'y singko porsiyento ng mga tao rito, ang hindi ko kilala. Tunay po.

³⁵⁶ Ngayon heto ang isang munting babae, na hindi ko pa nakikita kahit kailan sa buhay ko. Siya'y ganap na estranghero sa akin. Ngayon, marahil naparito siya dahil sa sakit. Marahil narito siya. . . Marahil may nagawa siyang kung anong bagay. Marahil nandito siya dahil sa pinansyal. Marahil suliranin sa tahanan. Marahil nandito siya para sa ibang tao. Hindi ko alam. Wala akong kaide-ideya.

³⁵⁷ Pero heto nga ang eksena mismo na nasa San Juan, sa ika-4 na kabanata, na may isang lalaki at isang babae na nagkita sa unang pagkakataon. At walang pagdududa, na, ang kabataang babae na nakatagpo si Jesus, si Jesus ay mas matanda sa kanya, dahil, "Siya," ang sabi nila, "Siya'y mukhang singkuwenta, o lampas singkuwenta na ang edad," at marahil naroon ang isang batang-bata pang magandang babae na pumunta roon sa may

balon, na isang kabataang babae mismo. At heto na naman muli, sa gabing ito, dalawang tao ang nagkatagpo, bata at matanda, na hindi kilala ang isa't isa.

³⁵⁸ At ngayon nakatayo siya riyon. May dahilan kung bakit siya nandiyan. Hindi ko alam. Marahil nakatayo siya riyon, bilang isang manloloko. Marahil nakatayo siya riyon, na may bagay na sinasabi, na hindi naman pala, haya't nakaabang lang sa kung anong mangyayari. Kung ganoon man, tingnan n'yo kung anong mangyayari. Kita n'yo? Kita n'yo?

³⁵⁹ Ngayon, hindi ko po kilala ang ginang; hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Itinaas niya po ang kanyang kamay, kanina, na ako'y isang estranghero sa kanya. At itinataas ko ang kamay ko, na siya'y estranghero sa akin. Hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Buweno, ngayon kung ako . . .

³⁶⁰ Bilang isang tao, sasabihin ko nga, "Ginang, ano pong suliranin sa inyo? Anong ginagawa n'yo rito? Ano pong nais n'yo?"

³⁶¹ At sasabihin niya, "Ginoong Branham, nandito ako—nandito ako dahil ako'y—ako'y pinahihirapan ng—ng kanser. Pinahihirapan ako ng TB. Pinahihirapan ako ng tumor." O, "Wala na akong pera. Ako . . . Iniwan ako ng asawa ko." O, "Hindi pa ako kasal, at ganito ang ginawa ng kasintahan ko." Sasabihin nga niya sa akin.

³⁶² "Buweno," sasabihin ko, "sige po, ako'y—ako'y—ako'y mananalangin para sa iyo; at ipapatong ko ang aking mga kamay sa iyo, at sasabihin, 'Panginoong Diyos, ipagkaloob Mo po sa babaing ito ang nais niya. Amen. Jesus, Iyo pong gawin ito!'" Pahahayuin na siya. Buweno, sa palagay ko, kung sasampalatayanan niya 'yan, siya'y gagaling. Ayos lang naman 'yun. Yan po ang pagmimistryo nang maraming, maraming taon na.

³⁶³ Pero ipinangako, sa huling mga araw, na kung papaanong ang Anghel, ang Diyos, ay nanahan sa katawan ng isang taong dumating bago mismo sunugin ang Sodoma, at naupo Siya na ang likod Niya'y nakatalikod sa tolda kung saan naroon si Sarah, at sinaysay kay Abraham kung ano ang iniisip ni Sarah sa loob ng tolda; ang Diyos nga, sa laman ng tao, na nakasuot ng pantaong kasuotan.

³⁶⁴ At 'yan ang tanging paraan na magagawa ito ng Diyos sa panahon ngayon, ay kapag Siya'y dadako sa iyong laman, kita n'yo, na ipinapakita noon na ang Diyos ay mahahayag sa laman ng tao.

³⁶⁵ Ang sabi ni Jesus, "Katulad sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin sa pagdating ng Anak ng tao." Mayroon tayong mensahero, sina Billy Graham at sila'y nagtungo roon sa Sodoma, pero ang hinirang na Iglesya'y nakatanggap ng isang Mensahe at isang mensahero.

³⁶⁶ Ngayon, kung ang munting ginang na ito...kung ang Espiritu Santo...Hindi ko sinasabi na gagawin Niya, pero kung Siya'y paririto at sasabihin sa akin kung para saan ang pagkakatayo mo rito, o—o kung ano ang nais mo, o bagay na iyong nagawa, o bagay na gagawin mo pa lang. Siyanga't, malalaman mo na siguradong nanggaling ito mula sa kung anong sobrenatural na panggagalingan, dahil tayo'y nakatayo lang dito, kita mo. Tama nga 'yun, hindi ba? Kung ganoon malalaman mo na ito'y siguradong nanggaling mula sa isang sobrenatural na puwersa. At kung sinabi ng Biblia na ginawa ni Jesus ang siya ring bagay, at ipinangako na gagawin ito uli sa huling mga araw, kung ganoon ay talagang sasampalatayanan mo Siya. Ilan po ang sumasampalataya sa ganoon ding bagay? Kung ganoon ay makikita n'yo si Jesus. Makikita n'yo ang Kanyang Salita.

Ngayon sasabihin n'yo, "Siya ba ang Salita?"

³⁶⁷ Sinasabi ng Biblia na Siya ang Salita. At sinasabi mismo ng Biblia na ang Salita'y nakatatalos ng mga haka na nasa puso. Tama po ba? Kung ganoon ay magiging Salita ito na binigkas sa pamamagitan ng mga labi ng tao, na kinikilala ang mga kaisipan.

³⁶⁸ Ngayon, wala akong kakayanan. Wala akong paraan para gawin ito, kita n'yo, dahil hindi ko siya kilala; pero Kanyang kilala nga, at Siya ang Salita.

³⁶⁹ At Siya ang Isa na may kakayahang kunin ang dalawang espiritu, gaya dun sa babae sa may balon, at Siya, at paglakipin 'yun; at dadako at ipapakita sa akin kung ano mismo ang ipinunta ng babae, kung ano ang kanyang nagawa, o ano ang nais niya, o kung ano. Tapos masasaysay ko na ito at masasabi ito, at pagkatapos ito'y nakasalalay na sa kanya.

³⁷⁰ Ngayon sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, mapapagaling mo ba siya?" Hindi, hindi. Hindi ko kayang gawin 'yun. Kanya na kasing ginawa 'yun noon pa. Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay tayo'y pinagaling na.

³⁷¹ Pero 'yan nga'y para lamang itaas ang pananampalataya niya, para ipaalam sa kanya, na, kung nalalaman Niya kung ano siya noon at kung ano ang kanyang inaasam, ay alam Niya—alam Niya kung papaano ito ipagkakaloob at kung magiging ano siya pagkatapos. Tama ba? Ngayon, ang lahat ba'y naniniwala riyang?

³⁷² Ngayon magpitagan lamang po nang lubos. At kayo na mga nariyan ngayon, na walang mga prayer card, kayo po'y manalangin.

³⁷³ Ngayon, alalahanin n'yo, dumaan noon si Jesus sa isang grupo isang araw, at may munting babae na humipo sa Kanyang damit. At bumaling Siya, ang sabi, "Sino ang humipo sa Akin?" At tumanaw Siya sa lahat ng naroon na kongregasyon hanggang sa masumpungan Niya ang babae, at sinaysay sa kanya ang

tungkol sa kanyang pag-aagas ng dugo. Tapos ang dugo niya'y tumigil sa pag-agas sa mismong oras na 'yun. Kita n'yo?

³⁷⁴ Ngayon, ang sabi ng Biblia na Siya ngayon ay “ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan.” Tama po ba?

³⁷⁵ Nakatingin ako rito kay Kapatid na Way, na nakaupo rito sa tabi ng kanyang maybahay. Nito-nito lang ay nakatayo ang lalaking 'yun dito habang nangangaral ako, katulad ni Pablo na nangaral nang buong gabi isang gabi, at ang lalaking ito'y bumagsak na lang na patay na sa kalagitnaan ng mga nakikinig. At ipinanumbalik siya ng Espiritu Santo na mabuhay uli. Isa siyang saksi, kita n'yo, na, “si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

³⁷⁶ Ilan ang di pa nakakita kay Kapatid na Way, at nagnanais na makita siya; itaas n'yo ang inyong mga kamay, na mga hindi pa siya nakikita kahit kailan. Kapatid na Way, maaari ka bang tumayo? Heto ang isang lalaki, bumagsak mismo't patay na noon kung saan siya nakaupo mismo ngayon. Heto ang kanyang maybahay, na isang rehistradong nars, na nakatayo riyan. Wala na siyang pulso noon, nawala; 'yung mga mata niya'y nangitim, at nangitim ang kanyang mukha; atake na pala sa puso.

³⁷⁷ Sinabi ng doktor na may suliranin siya sa puso. Bago 'yun, nasumpungan ko na 'yun sa isang espirituwal na pagkilala, hindi pa katagalan, at sinabi na 'yun sa kanya na mayroon siyang suliranin sa puso. At pagkatapos, bigla-bigla na lang, huminto ang puso niya, at bumagsak nga siya sa lapag. At hayun siya noon, nakahandusay doon, na talagang wala na.

³⁷⁸ Yan po'y mga anim o walong beses na na nasaksihan ko mismo ang Panginoong Jesus na nagbuhay ng patay. Nasaksihan ko Siya na ginawa 'yun, at magagawa Niya 'yun sa gabing ito.

³⁷⁹ Ngayon inilalagay ko ang bawat espiritu, rito, sa ilalim ng aking pamamahala, para sa kaluwalhatian ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Magpitagan po. Magmatyag.

³⁸⁰ Nais kong kausapin ka, ginang. Katatapos ko lang mangaral, kita mo. At para mahagip ko lamang ang iyong espiritu, 'yan mismo ang ginagawa ko. Kita mo?

³⁸¹ May kung anong bagay sa iyo, isang buhay, o kung hindi'y hindi ka sana tatayo roon; magiging anyo ka lamang, na nakahandusay na patay, at wala ka na sanang buhay na nasa iyo. Pero, yamang nariyan ang isang buhay na nasa laman na 'yan, ito ang kumukontrol sa iyo. Kita mo? At ngayon maging ang mga kaisipan mo at bagay na iniisip mo, ang mga salita na sinasabi mo, at lahat, ay siya ngang ipinamumuhay mo. Kita mo? Yun ka nga, ang iyong mga salita mismo, ang iyong pag-iisip, at kung ano ka man.

Ngayon, tayo, nandito tayo, na sumasampalataya. Ngayon ang Espiritu Santo . . .

Gaya ng sinabi ni Jesus sa babae, “Dalhan mo Ako ng maiinom.”

³⁸² At, noong dalhin na niya, ang sabi niya, “Aba, Ikaw, hindi Ka dapat humihiling sa akin ng ganyan. Isa akong—isa akong Samaritana. Ikaw . . . Ikaw nama’y isang Judio. Wala tayong kaugalian sa isa’t isa, walang—walang dapat ugnayan, ni pag-uusap man sa isa’t isa.”

³⁸³ Ngayon, pero, hayan nga, kapwa tayo Gentil. At tayo’y nakatayo rito na sumasampalataya mismo sa Diyos. Ngayon, kung ang Espiritu Niya’y dumako sa akin bilang isang kaloob, at masasaysay sa iyo kung ano mismo; na bagay na alam mo kung tama ba o mali, dahil ipinamuhay mo ang bahaging ’yun ng buhay. Kung ganoon, kung ganoon ay kamit mo ang kaloob, na sampalatayanan ito. At kung sasampalatayanan mo ito, at sasaysayin Niya sa iyo ang tungkol dito, kung ganoon ito’y tapos na. At ito’y kikilos sa bawat isa rito. Ngayon, ang lahat po’y magpitagan nang lubos.

³⁸⁴ Haya’t ang ginang ay pinahihirapan ng kung anong bagay na suliranin sa kanyang lalamunan. Kondisyon ito sa lalamunan. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Ngayon, hindi ko pa siya nakikita kailanman sa buong buhay ko. Siyanga. Yan ang ipinunta niya rito, na ipanalangin ko ang kanyang lalamunan.

³⁸⁵ Ngayon, mismong-mismo, sa pagkakasabi ko pa lang n’yan, o bago lamang, siya’y . . . Batid niya na may kung anong Bagay na malapit sa kanya. May kung anong Bagay na lumapit sa kanya, diyan-diyan mismo. Makikita n’yo ang emosyon sa kanya, na isang tunay na kalugud-lugod na pakiramdam, na para bang, tumama.

³⁸⁶ Yang Liwanag na nakikita n’yo sa litrato. Nasaan ka, George? Ang Liwanag na ’yan na nasa litrato, ay nasa ibabaw mismo ng babae, ngayon-ngayon mismo. Kita n’yo, ito’y ibang dimensyon. Ang babae’y isang mananampalataya, hindi kunwang-mananampalataya. Isa siyang mananampalataya.

³⁸⁷ Ngayon, yamang isa kang mananampalataya, nananampalataya ka ba na ako’y Kanyang lingkod at propeta? Marapat lamang, yamang nalalaman ’yun. [Sinasaki ng kapatid na babae, “Siyanga, po.”—Pat.] Nananampalataya ka ba na kaya Niyang magsaysay ng iba pang mga bagay na nasa puso mo? [“Siyanga, po.”] Buweno.

³⁸⁸ Heto ang isang bagay na nasa puso mo. May isang tao na ipinapanalangin mo; isang bata. Sumasampalataya ka ba na kaya Niyang sabihin sa akin kung ano ang suliranin sa bata? Mayroon itong virus. Tama ba? [Sinasaki ng kapatid na babae, “Tama. Opo.”—Pat.] Sumasampalataya ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung sino ka? [“Siyanga, po.”] Ikaw si Gng.

Walker. [“Tama.”] Hindi ka taga-rito. [“Hindi.”] Taga-Timog ka. [“Tama po.”] Georgia. [“Tama po.”] Umuwi ka na, na magaling na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo at ang anak mo. Huwag mo na itong alalahanin pa. Tapos na ito. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

³⁸⁹ Kumusta po kayo? Ngayon heto uli ang isang babae. Hindi ko siya kilala, hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Isa lamang siyang babae na nakatayo riyan. Ngayon tingnan n’yo, kanina pa ako nangangaral, na ang buong ’yun, mula alas otso, at ngayon ay alas diyos na. Dalawang oras na po ako rito. Yung isang espirituwal na pagkilala na ’yun ay mas nakakapanghina sa akin kaysa sa dalawang oras na pangangaral. Kita n’yo? Yun nga’y . . . Kita n’yo?

Sasabihin n’yo, “Ganoon po ba ’yun?” Oh, ganoon nga.

³⁹⁰ Yaong babae na humipo noon sa laylayan ng Kanyang damit. Ang sabi Niya, “Naramdaman ko na may bisa na umalis sa Akin,” lakas. Tama ba? Yun nga ang dulot nun.

Ngayon, heto ang isang babae na hindi ko pa nakikita kahit kailan.

³⁹¹ Nagpunta roon si Billy, kung mapapansin mo ang bagay na ’yun, at sinundo ang kabataang lalaki na ’yun na kasama natin dito, George. Isa siyang kabataang lalaking Baptist. Nais kong makita niya na ang pinag-uusapan natin dito’y ukol sa Diyos. Ang tatay niya, pamilya niya, ay maiinam na mga tao. Sila’y nasa Mexico, misyunero, mainam na lalaki. At ang kanyang tatay ay may sakit, din. Hinihintay ko lang siya na pumarito. Ngayon masdan mong maigi ito, George.

³⁹² Ngayon, ang ginang na ito, hindi ko—hindi ko—hindi ko siya kilala. Hindi ko—hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Iniiisip ko na tayo’y estranghero sa isa’t isa. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Tama.”—Pat.] Hindi natin kilala ang isa’t isa.

³⁹³ Pero ngayon, ang Espiritu Santo, ang kaluguran ni Jesus na narito, haya’t nasasaksihan nating lahat ’yan. Ngayon kung ang Panginoong Jesus ay maghahayag sa akin ng isang bagay tungkol sa iyo . . .

³⁹⁴ Ngayon, kung kaya lang sana kitang pagalingin, gagawin ko, pero hindi ko kayang gawin ang bagay na ginawa na Niya. Ang tanging bagay, kung Siya’y nakatayo rito sa gabing ito na suot ang amerikanang ito, na Kanyang ibinigay sa akin, buweno, ngayon, hindi ka Niya—hindi ka Niya pagagalingin pa, dahil Kanyang ginawa na ito. “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay pinagaling tayo.” Kita n’yo? Pero ang tanging bagay na gagawain Niya, ay ang ideklara ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Salita na Kanyang ipinangako, at ipakita sa inyo na Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At ipinangako Niya na gawin ’yun.

395 Ngayon kung gagamitin Niya ako para sabihin sa iyo kung ano ang ipinunta mo rito, gagamitin mo ba ang pananampalatayang taglay mo, sa Kanya, na manampalataya na tatanggapin mo ang iyong. . . ipinunta mo rito? Nang buong puso mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, sasampalataya po.”—Pat.] Sige, nawa’y ipagkaloob ito ng Panginoon.

396 Nakikita ko ang binibini na may kung anong suliranin sa kanya. Ipinapakita ng pagsusuri na ito’y—ito’y lumuslos na tiyan. Tama. Tama, siyanga, po, ito’y lumuslos na tiyan. Sumasampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang pagkaluslos na ’yan? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Siyanga, po. Nananampalataya ako nang buong kong pananampalataya.”—Pat.] Ikaw, nang buo mo—buo mo. . . [“Nang buong kong pananampalataya.”] Pagpalain ka ng Diyos.

397 Ngayon, hindi ka taga-rito. Malaking sakripisyo ang pagdayo mo rito. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Siyanga, po.”—Pat.] Siyanga. Oo. Oo. Taga-Tennessee ka. Tama. Gng. Hart. Bumalik ka; huwag kang mag-aalinlangan. Gagaling ka, kung ikaw ay makasampalataya.

398 Kumusta ka, ginang? Tayo’y estranghero sa isa’t isa. Hindi pa kita nakikita sa buong buhay ko, gaya ng nalalaman mo. Marahil ako nga, sa kung saan sa isang pagtitipon, at marahil nakita mo na ako, pero hindi kita kilala. Kilala ka ng Diyos. Nananampalataya ka ba na ako’y Kanyang lingkod, at ang Salita na aking ipinangaral ay ang Katotohanan? Buweno, yamang estranghero ako sa iyo; at ang Salita, na aking ipinangaral, ay iyong sinampalatayanan.

399 Ang tanging bagay nga, ay heto, may nagbigay sa iyo na ilan sa kanila ng card; alinman sa mga usher, o ang anak ko, o may nagbigay sa iyo ng card. Natawag ang numero mo, at heto ka. Yan lang ang nalalaman ko.

400 Pero nandito ka, na pinahihirapan ng isang kalagayang pagkanerbiyos. Talagang nililigalig ka nito. May kasama ka. May tao ka na ipinapanalangin. Ito’y isang. . . Ito’y ang asawa mong lalaki. At mayroon siyang espirituwal na suliranin na hindi niya maalpasan. At mayroon kang anak na may sakit, din. Hindi ka taga-rito, pero nanggaling ka sa Hilaga. Taga-Canada ka, mula Alberta. Tama. Sumasampalataya ka ba na ako’y propeta ng Diyos, at sumasampalataya na ang bagay na sinasabi ko ay Katotohanan, sige’t umuwi ka na at tatanggapin mo ang iyong matatanggap. Oo. Manampalataya ka. Pagpalain ka ng Diyos, ginang.

401 Ako’y estranghero sa iyo. Ikaw ay estranghero sa akin. Hindi kita kilala. Pero kilala ka ng Diyos. Sumasampalataya ka ba na ako’y Kanyang lingkod? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, nananampalataya ako.”—Pat.] Nang buong puso mo? Hindi kita kilala, wala akong nalalamang anuman tungkol sa iyo. Kung

magagawa ko lang na pagalingin ka, gagawin ko, pero hindi ko—hindi ko kaya. Hindi ako tagapagpagaling. Isa lang akong tao. Pero Siya’y Diyos. Medyo nalito lang ako nang kaunti, dahil may nakatatandang babae na nakatayo sa pagitan mo’t ako. Ito’y isang tao na ipinapanalangin mo. Oo. Ito’y ang nanay mo. At nagdudusa siya ng—ng altapresyon. At mayroon ka nitong—nitong impeksyon sa bato. Tama ’yun. Naniniwala ka ba roon? [“Opo, naniniwala ako.”]

⁴⁰² Wala rito ang nanay mo. Pero sa pagpunta mo sa kanya, dalhin mo ang bandana na ’yan na nasa leeg mo, at ipatong mo sa iyong nanay, at huwag kang mag-alinlangan, at lilisan sa kanya ang altapresyon, at mawawaglit din ang impeksyon mo. Humayo ka, na sumasampalataya ngayon.

⁴⁰³ Sumasampalataya ba kayo ngayon? Nang buong puso n’yo? Ngayon, kita n’yo, nakatingin ako sa mga tagapakinig dito, at mistula ngang parang—parang unti-unting nagiging maulap, na parang, ganoon sa dako rito.

⁴⁰⁴ “Itong mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Siya’y gumawa nga ng higit sa dako rito, ngayong gabi, kaysa sa noong Siya . . . sa ganoong tipo, kaysa sa ginawa Niya sa buong paglalakbay sa buhay. Siyanga.

Ngayon, itong isang binibini rito, na kabataang babae. Hindi ko siya kilala, isa siyang estranghero sa akin. Pero sumasampalataya ka ba na ako’y Kanyang lingkod? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Ngayon sandali lang po.

⁴⁰⁵ May lalaki na biglang lumitaw sa harapan ko, na lalaki dito sa mga tagapakinig. Ngayon sandali lang po. May isa dito sa mga tagapakinig. Kawawala lang ngayon-ngayon lang; ’yung Liwanag na ’yun ay nawala rito. At may isang lalaki na nakatayo sa tabi Nito, at siya’y nariyan sa kung saan sa mga tagapakinig. Sige’t huwag kang mag-alala; lakasan mo lang ang iyong loob.

⁴⁰⁶ Bumaling tayo muli at tingnan ang babaing ito. Ngayon kung ang Panginoong Diyos . . . Itong anim o pito, o ilan, na dumaan sa pila, sa ilalim ng espirituwal na pagtalos. At kung ihahayag sa akin ng Panginoong Jesus, sa babaing ito, kung anuman ang suliranin sa kanya, maibubunsod ba nun na ang lahat ng iba pa sa inyo’y manampalataya nang buong puso n’yo? Tatanggapin n’yo ba si Cristo sa ganoong panimulain? Kita n’yo? Isang beses lang ay sapat na para patunayan ’yun. Ang tatlong beses ay isang kumpirmasyon na mismo. At ito po’y sampung makailang libo, na wala ni isang beses na ito’y nagkamali.

⁴⁰⁷ Hindi ka pumarito para sa iyong sarili. Pumarito ka para sa isang lalaki. At nakikinita ko siya na nakayuko ang kanyang ulo. Naninigarilyo siya, at nananalangin ka na ang paninigarilyo na ’yun ay mawala sa kanya. Yan . . . Nawa’y ipagkaloob ng Panginoong Diyos ang iyong kahilingan, kapatid na babae. Humayo ka, na nananampalataya nang buong puso mo, at

nawa'y ang diyablo ng bisyo na 'yun ay lumisan na mula sa iyong asawang lalaki, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

408 Ang suliranin mo'y sa likod mo. Nananampalataya ka ba na paiigihin 'yan ng Diyos? Sumasampalataya ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, sumasampalataya ako."—Pat.] Sige. Humayo ka, na sinasabi, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

409 Kilala ko ang babaing ito, sa palagay ko'y ang anak na babae ito ni Gng. Neece. Tama ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Naisip ko nga. Pagpalain ka ng Diyos. Yang matagal-tagal nang suliranin mo sa iyong likod ay lilisan na sa iyo ngayon at maaari ka nang umuwi't iigi na ang pakiramdam.

410 Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang arthritis na 'yan at paigihin ka? Humayo ka't sabihin sa Kanya na sumasampalataya ka sa Kanya. Sige't manampalataya ka lamang nang buong puso mo.

411 Kumusta ka, ginoo? Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang suliranin na 'yan sa tiyan at paigihin ka? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Amen."—Pat.] Sige, kung ganoon ay umuwi ka na, na sinasabi, "Salamat po Panginoon, ako'y—ako'y gagaling na ngayon." At—at ika'y—ika'y gagaling.

412 Isa na namang kaso ng arthritis, at katandaan, din. Sumasampalataya ka ba na paiigihin ka ng Diyos kung magpapatong ako ng mga kamay sa iyo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Maraming beses na Niya akong pinagaling, dahil sa iyo, sa pagpapatong mo ng iyong kamay sa akin, kapatid."—Pat.] Narinig n'yo ba 'yun? Pagpalain ng Panginoon ang kapatid kong babae, at pagkalooban siya ng paglaya muli sa gabing ito. Amen. Sumampalataya lamang kayo sa Kanya.

413 Sakit sa puso, sakit sa tiyan. Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin 'yan ng Diyos? Sige. Humayo ka, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, nawa'y pagalingin ka Niya.

414 Kumusta ka, kabataang lalaki? Sakit na hika. Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang hika? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Umuwi ka, na sinasampalatayanan ito; Kanya 'yung gagawin. Sige.

415 Sakit na diyabetes. Sumasampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang iyong dugo at paigihin ang lagay mo? Humayo ka, na sumasampalataya sa Kanya, at Kanya itong gagawin. Sinasampalatayanan mo ba ito nang buong puso mo?

416 Ano kaya kung wala akong saysayin sa iyo; ipapatong ko lang ang aking mga kamay sa iyo; sumasampalataya ka pa rin ba na ang Espiritu Santo na narito'y pagagalingin ka? Ganoon nga 'yun maipangyayari. Halika rito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y humayo na siya at gumaling na. Amen.

417 Halika rito, binibini. Kung wala akong saysayin sa iyo na anuman, sasampalataya ka ba na ang Diyos ay mapapagaling ka

sa pambabaing sulí- . . . Hindi't, pasensya na po, haya't Kanyang sinabi na ito mismo. Humayo ka. Pagpalain ka ng Diyos. Umuwi, umuwi ka, na nananampalataya, kung ganoon, gumaling ka.

418 Nananampalataya ka ba, ginoo, nang buong puso mo? Ang Diyos ay nagpapagaling ng suliranin sa puso haya't hindi ba't nagagawa Niya? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Siyanga, po."—Pat.] Pinaiigi ang tao. Sigurado ako na nagagawa nga Niya.

419 Siya, Siya ay Diyos. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? Sinasampalatayanan mo ba 'yan nang buong puso mo? Manampalataya ka sa Diyos!

420 May isang tao rito ang may ginawang isang bagay, kani-kanina lang. Nais kong hanapin 'yun. Yun nga'y dugo. May isa nga na parang aksidente, o bagay na nangyari. Yun nga'y—'yun nga'y pagdurugo. Yun po'y sa kung saang dako. Ang lalaki'y nakatayo rito. Ngayon manalangin lamang kayo. Siyanga't, ganoon nga. Ito'y ang lalaki na naka- . . . Haya't, si J. T. Parnell po. Kilala ko ang binata. May pagdurugo ka sa loob mo, J. T. Nananampalataya ka ba na paiigihin ng Diyos ang kalagayan mo? Buweno, hihinto 'yan J. T. Manampalataya ka nang buong puso mo.

421 Ang munting binibini na nakaupo rito, na nakatingin, nakaupo sa tabi ni Kapatid na Grimsley. May Liwanag sa tabi niya. Ikaw, na nakaputing kuwelyo. Mary, hindi kita kilala, pero 'yan ang pangalan mo. Nililigalig ka ng espirituwal na suliranin, at ikaw rin ay may matinding pagkanerbiyos. Kalimutan mo na ito; ang lahat ay magiging maayos. Manampalataya ka nang buong puso mo. Manampalataya ka sa Diyos. Kung ikaw lamang ay makasampalataya.

422 Ang munting ginang na nakaupo diyan sa likod sa likurang hilera, diyan sa bandang 'yan diyan, siya'y taga-Michigan, dumaranas siya ng suliraning pambabae. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Matatanggap mo ang bagay na hinihiling mo, kung ganoon. Sumasampalataya ka ba? Amen. Itaas mo ang iyong kamay, sabihin, "Tinatanggap ko ito." Sige, makakauwi ka na't gagaling ka. Hindi ko kilala ang binibini, pero nakikilala siya ng Diyos.

423 Paano naman itong narito sa katre? Ikaw lang ang pilay na lalaki rito, o lalaki na nasa katre. Isa akong estranghero sa iyo. Hindi kita kilala. Kilala ka ng Diyos. Pero, sinasabi ko ngayon, nalulukuban ka ng anino ng kamatayan. May kanser ka. Galing ka sa malayong lugar. Galing ka pa ng Cincinnati, dito. Ang pangalan mo ay G. Hawk. Manampalataya ka nang buong puso mo. Kung mauupo ka riyan, mamamatay ka. Tanggapin mo si Jesus Cristo at gumaling ka. Nananampalataya ka ba sa Kanya? Kung ganoon tumayo ka sa iyong mga paa mismo, tumayo ka mula sa stretcher, at tanggapin si Jesus Cristo.

424 Ilan dito ang nananampalataya sa Kanya, sa minutong ito mismo? Nananampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? Kung ganoon tayo na't, bawat isa sa inyo'y, tumayo na mismo ngayon. Tumayo kayo. Ngayon sa inyong sariling paraan, sa paraan ng pananalangin n'yo, ipatong n'yo ang inyong kamay sa katabi n'yo.

425 Nasaan na ba si Kapatid na babaing Brown? Siya'y umuupo-upo rito, na pinahihirapan na pala nun. Nung isang araw tinawagan niya ako sa telepono, at hindi niya maiangat ang kanyang mga kamay. Nakinita ko na bagay ito na suliranin sa kanyang dugo. Noong makatagpo ko siya nung isang araw. . . Mayroon siyang diyabetes. Nasaan po siya? Nandito siya kasama si Gng. Dauch, kanina. Sige, Kapatid na babaing Brown. Ngayong gabi, nais kong manampalataya ka nang buong puso mo. Alam ko na alam mo ang sakit mo, pero nais kong manampalataya ka. Lumabas ka sa ospital, para dumalo rito, kita mo, para maipanalangin. Ipinapanalangin kita ngayon. Manampalataya ka. Gagaling ka.

426 Margie, manampalataya ka sa Diyos. Huhupa na 'yan ngayon. Matatapos na 'yan. Magagawa Niyang pagalingin ang diyabetes, magagawa Niyang pagalingin ka diyan sa sakit mo sa iyong tiyan.

427 Ngayon ang bawat isa sa inyo'y magpatong ng inyong mga kamay sa isa't isa, at panatilihin n'yo lang ang inyong mga kamay diyan pansumandali. Magpatungan lang kayo ng mga kamay sa isa't isa, panatilihing. . . Kita n'yo, mag-aalas onse na, at marami sa mga tao ang kailangan pang magmaneho pa-Tennessee at sa iba pang mga lugar.

428 Tunay, na pinagtibay nga ng Panginoong Diyos. Anong nakita n'yo, ngayong gabi? Ang nakikita n'yo ba'y isang tao o ang nakikita n'yo ay si Jesus, si Jesus na pinapatotohanan ang Kanyang Salita?

429 Itong mga panyo na nakalapag dito, habang ang pahid na ito'y nasa akin pa, ipinatong ko ang mga kamay ko sa mga panyong ito, nananalangin sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat. . . Sabi nila, "Kumuha sila mula sa katawan ni Pablo ng mga panyo, o mga tapi."

430 Heto sila na mga patay na, at ibinangon. Nariyan ang mga narito na naaksidente, talagang naipit, na pinagaling. Nariyan. . .

431 Nakikita ko si Gng. Wilson na nakatayo rito, na, di pa katagalan, siya'y dinudugo't malapit nang mamatay, dahil sa TB, mga taon na ang nagdaan. Pero heto siya ngayon, anupa't oras na lang ang ibinigay sa kanya ng mga doktor noon para mabuhay. Heto siya na nakatayo sa gabing ito.

432 Sa buong palibot nga, hanggang dito, pilay, bulag, baldado, nakaupo sa silyang de gulong at lahat na, hayan nga sila na

nakatayo sa gabing ito bilang buhay na mga tropeo. Bakit ganito? Si Jesus Cristo kasi'y nabubuhay, Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

⁴³³ Yung lalaki na nagpatotoo, kanina, tungkol sa sarili niya, diyan, na may epilepsy, na mayroon nun sa lahat ng nagdaang mga taon na ito, at lahat na, at isang beses lang sa pagtitipon. At 'yun ay, halos mga dalawampung taon na ang nakalipas; hindi na siya hinihimatay mula noon. Isa lang 'yan sa makasampung libo.

⁴³⁴ Siya'y tagapagpagaling. Amen. Siya'y nagpapagaling. Ngayon, huwag po kayong matuwa nang walang kapararakan. Haya't, nang may mala-batang pananampalataya lamang, ibaling n'yo ang inyong tingin sa Kalbaryo. Ipikit n'yo ang inyong mga mata at kalimutan n'yo na narito kayo sa Tabernakulong ito. Ipikit n'yo ang inyong mga mata at kalimutan n'yo na may mga tao sa paligid n'yo, at tumingin kayo kay Jesus at makikita n'yo.

Tumingin kay Jesus ngayon at nang mabuhay;
Ito'y natatala sa Salita, hallelujah!

Gawin n'yo mismo na "tumingin at nang mabuhay."

Oh, tumingin at nang mabuhay, aking kapatid,
mabuhay!

Tumingin kay Jesus ngayon at nang mabuhay;
Ito'y natatala sa Salita, hallelujah!

Gawin n'yo mismo na "tumingin at nang mabuhay."

⁴³⁵ Ipikit n'yo ang inyong mga matang nakatuon sa tao. Ipikit n'yo ang inyong mga mata na nakatuon sa mga bagay sa paligid n'yo. At tumingin kayo sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, tuon kay Jesus Cristo, at kilalanin, na, "Siya'y nasugatan dahil sa inyong mga pagsalangsang; sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay pinagaling kayo."


⁴³⁶ Panginoong Jesus, habang ang mga taong ito ay nananalangin, at, ang kanilang mga kamay ay nakapatong sa isa't isa. At kami ay... nababatid na kami ay nakatayo sa Presensya ng nabubuhay, na ibinangong mag-uli na Jesus Cristo, sa anyo ng Espiritu Santo, na inihahayag sa amin ang mga lihim ng aming mga puso, na ipinabatid sa amin ang aming mga inaasam, at ipinapangako sa amin na Kanyang ipagkakaloob sa amin ang aming mga inaasam kung kami lamang ay sasampalataya.

⁴³⁷ Ang mga kalalakihan at ang mga kababaihan ay nagpapatungnan ng kamay sa isa't isa. Sila'y nananalangin, dahil kami'y kapwa mamamayan sa Kaharian ng Diyos. Kami'y kapwa magkakapatid na lalaki't magkakapatid na babae kay Jesus Cristo.

⁴³⁸ At, Satanas, pumapariyan kami sa iyo sa hamon ng Pangalan ng Panginoong Jesus. Siya ang Tabak. Siya ang Isa na 'yun na humihiwa sa karamdaman. Siya ang Isa na 'yun na humihiwa sa pag-aalinlangan. Siya ang Mananagumpay. Ngayon hinahamon ka namin, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na lumayas ka mula sa mga taong ito, Satanas!

⁴³⁹ Ang Salita ng Diyos ay nahayag na. Ito'y tumutuli, nag-aalis ng pag-aalinlangan, nag-aalis ng karamdaman, at naghahatid ng ganap na paglaya. Dalangin namin na ang Espiritu Santo'y bumuhos sa mga taong ito, at ibigay sa kanila ang kapangyarihan ng pananampalataya na sumampalataya na ang Presensya ng pinaka makapangyarihang Cristo ay narito ngayon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

⁴⁴⁰ Kinokondena ko ang bawat sakit. Kinokondena ko ang lahat ng karamdaman. Kinokondena ko ang lahat ng dipananampalataya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y kilalanin ng Espiritu Santo ang bawat bagay na aking sinabi, at lumaganap sa loob ng gusaling ito at dalhin ang bawat tao sa Makalangit na Presensya.

⁴⁴¹ Itaas n'yo ang inyong mga kamay ngayon at purihin Siya. Binibigkas ko na kayo'y umigi't gumaling na, sa Pangalan ni Jesus Cristo! 

63-1229E Ibaling Ang Paningin Patungo Kay Jesus
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org